THE OFFICIAL PUBLICATION OF JOURNALISM G

# THE GUILD BULLETIN

VOLUME VI
ISSUE II

DECEMBER
2025



Litrato mula sa Facebook Page: Boying Remulla

# ILANG SENADOR MABIBIGYAN NG ARREST WARRANT NGAYONG PASKO — OMBUDSMAN

Ni Kim Ashlly Layderos

**Inihayag ni Ombudsman Jesus Crispin "Boying" Remulla na inihahanda na nila ang arrest warrant para sa ilang senador at posibleng mailabas ito ngayong Kapaskuhan.**

Kinumpirma niya ito sa isang panayam kasama ang mamamahayag na si Karen Davila noong Disyembre 8, na may binubuo silang kaso laban sa mga senador na umano'y dawit sa anomalya sa flood control projects.

Kaugnay ito sa naging testimonya ni dating DPWH Undersecretary Roberto Bernardo na tumatanggap umano ang mga ito ng kickbacks sa mga proyekto na nagresulta sa pagrekomenda ng Independent Commission for Infrastructure (ICI) na imbestigahan ng Office of the Ombudsman sina Sen. Francis Escudero, Sen. Mark Villar, Sen. Nancy Binay, at Sen. Grace Poe.

Nabanggit din sa panayam si Sen. Bong Revilla at inilarawan ito ni Remulla bilang 'low-hanging fruit" na matagal nang iniimbestigahan.

Nang tanungin siya kung may makukulong ba ngayong pasko, "Posible, baka next week" sagot niya; ngunit nilinaw na sa kasalukuyan, nasa case build-up pa ang lahat at patuloy ang kanilang panig sa pangangangalap ng ebidensya.

Aniya, "Kasi nga, ang sinasabi namin, haste makes waste. Baka mamaya file ka nang file ng kaso ma-dismiss naman, para kang gumawa ng anti-virus mo 'di ba? Hindi natin gustong gawin yan."

Layunin ng Ombudsman na maiwasan ang pagkakaroon ng mahihinang kaso na magpapabigat lamang sa korte at mag-aaksaya ng oras sa mga tao.

Samantala, hindi lamang mga se nador ang inaasahang maiisyuhan ng arrest warrant kundi mga kongresista rin na ayon kay Remulla ay may itinakda siyang grupo ng mga abogado na mag-iimbestiga rito.

# ANTI- POLITICAL DYNASTY BILL ITINUTULAK NI PBBM



Litrato mula sa Philippine News Agency

**Inatasan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang Kongreso na bigyan ng prayoridad na aksyon ang pagpasa ng Anti-Political Dynasty Bill kabilang ang tatlo pang pangunahinang reporma, Disyembre 9.**

Sa ginanap na pulong ng Legislative-Executive Development Advisory Council (LEDAC), inilahad ni Palace Press Officer Usec. Claire Castro ang direktiba ng Pangulo na unahin ang Anti-Political Dynasty Bill, Independent People's Commission Act, Party-list System Reform Act, at Citizens Access and Disclosure of Expenditures for National Accountability o CADENA Act.

Pahayag ni Castro, layunin nito na palakasin ang kapangyarihan ng mga mamamayan sa pagluklok ng mga politiko, maging ang pagsaklaw sa batas ng mas malinaw na transparency at pananagutan sa paggamit ng pondo ng pamahalaan.

Sa ilalim ng House Bill (HB) 6771, ipagbabawal ang kandidatura ng sinumang may kamag-anak na kasalukuyang nanunungkulan sa pambansa o lokal na posisyon hanggang ka-apat na antas ng consanguinity o affinity.

Ito ay inihain ni Speaker Faustino "Bojie" G. Dy III kasama si Majority Leader Ferdinand Alexander "Sandro" Marcos, na kapwa nagmula sa mga pamilyang may mahabang kasaysayan ng paglilingkod sa publiko.

Ni Jason Madjus

Gayunpaman, sinabi nina Dy at Marcos sa paliwanag na nakapaloob sa panukalang batas na kinakailangan ang agarang aksyon upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay sa politika at matiyak na ang lahat ng mamamayan ay may patas na pagkakataong makilahok sa pamamahala.

Binigyang diin naman ni Castro na hindi "urgent" ang sertipikasyon ng batas dahil nais umano ng pangulo na mapag-aralan at mabusisi muna ito nang mabuti bago maipasa.

Matatandaang dinipensahan ng pangulo ang sistema ng political dynasty noong 2022 elections.

02news
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

# DTI PRICE GUIDE INILABAS NA PARA SA NOCHE BUENA 2025


Litrato mula sa Philippine News Agency

*Ni Adrian Belardo*

**Naglabas ang Department of Trade and Industry (DTI) ng Noche Buena Price Guide ngayong Disyembre bilang gabay ng publiko sa presyo ng mga pangunahing produktong pang-holiday sa buong bansa.**

Ayon sa DTI, 129 sa 256 na produkto ang nanatiling pareho ang presyo kumpara noong 2024. Mananatiling epektibo ang price guide hanggang sa katapusan ng taon upang matiyak ang patas na presyo habang papalapit ang Kapaskuhan at Bagong Taon.

Ilan sa mga produktong saklaw ng price guide ay ang ham na umaabot mula ₱170–₱945, fruit cocktail na ₱61.76–₱94.41, Queso de bola na ₱211–₱470, Pasta/Spaghetti na may presyong ₱27–₱116.75, at Spaghetti sauce na ₱25–₱108.25.

Sa kabila ng price guide, ramdam pa rin ng mga mamimili ang bigat ng gastos. Para kay Aling Myrna Sanchez ng Cavite, “Halos lahat ng binili ko ay mas mahal na ngayon kaysa dati.”

Sa ilang pamilihan, umaabot sa ₱219 hanggang ₱945 ang presyo ng ham, at naglalaro naman sa ₱25 hanggang ₱169 ang pasta at spaghetti sauce. Habang ang iba pang noche buena items ay pasok pa rin sa itinakdang price range ng DTI.

Samantala, kasabay ng pagpapatupad ng price guide, umani ng sari-saring reaksyon mula sa publiko ang pahayag kamakailan ni DTI Secretary Alexandria Roque na maaari umanong magkasya ang ₱500 para sa isang disenteng Noche Buena ng pamilyang may apat na miyembro.

Hindi naman sang-ayon ang ilang mamimili sa pahayag na ito bunsod ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin. “Hindi sapat yung 500, kase imagine-nin mo yung presyo ngayon ng bilihin sobrang mahal, kaya kung sasabihin na 500 ay unting piraso lang ang mabibili mo don,” saad ni Bella Chavez na isang mamimili.

Dinepensahan naman ng palasyo ang pahayag ng DTI,

“Ang pinag-uusapan lamang po sa 500 ay kung kaya, iba ang usapin kung dapat mas marangya o mas festive kung pinaguusapan natin ang handaan sa pamasko," ani ni Palace Press Officer Usec. Claire Castro.

Sa gitna ng kontrobersiya, patuloy ang isinasagawang inspeksyon at monitoring ng DTI sa mga supermarket at grocery store sa buong bansa.

“Continuous pa rin ang monitoring natin ng mga supermarkets and groceries for the basic necessities and prime commodities, alinsunod sa utos ng Pangulo, upang matiyak na walang hindi makatarungang pagtaas ng presyo hanggang Enero,” saad ni Roque.

Aniya, maaaring tingnan ng publiko ang mga presyong ito sa opisyal na Facebook page at website ng DTI, gayundin sa mga grocery store kung saan dapat itong nakapaskil sa mga lugar na madaling makita ng publiko.

Tiniyak naman ng ahensya na sapat ang suplay ng mga produkto sa buong bansa, kahit pa inaasahan ang mas mataas na demand habang papalapit ang Pasko.

# GILAS SA K-POP RANDOM DANCE IBINIDA NG KABSUHENYOS

*Ni Jannah Alexa Montenegro*


Litrato ni Jannah Alexa Montenegro

**INDANG, CAVITE — Umalingawngaw ang sigawan at tugtog ng Korean pop (K-pop) sa Cavite State University (CvSU) - Main Campus Oval matapos ipamalas ng mga mag-aaral ang kanilang walang kapantay na enerhiya sa isinagawang K-pop Random Dance bilang bahagi ng pagdiriwang ng Malayang Diwa Festival 2025 (MDF), Disyembre 11.**

Mula 9:00 am-10:00 am, nagsama-sama ang mga mag-aaral mula sa iba’t ibang kolehiyo ng pamantasan upang makisabay sa bawat biglaang patugtog ng mga sikat na K-pop songs.

Sa bawat palit ng kanta, agaran ding nagbabago ang galaw ng mga kalahok. Mula sa malalakas at matitinding sayaw hanggang sa swabeng koreograpiya na tila matagal na itong inensayo.

Sa kabila ng pabugso-bugsong ulan, hindi nagpahuli ang mga kalahok sa paghataw. Sa halip, lalo pa itong nagsilbing hamon upang ipakita ang kanilang dedikasyon at pagmamahal sa sayaw at musika.

Ayon kay Sonny Talento, mag-aaral ng BA Journalism at isa sa mga lumahok, isa ito sa pinaka-inaabangang aktibidad ng mga K-pop fans sa loob ng pamantasan.

Aniya, “Happy ako kasi as a K-pop fan, last year ko pa talaga siya inaasahan. Nag-e-expect ako na sana may pa K-pop Random Dance sila. Sadly, wala. Pero ngayon na nakalahok ako— very refreshing, happy, and satisfied sa naging experience ko.”

Bilang pagsuporta, hindi nagpahuli ang mga manonood sa pagbibigay ng palakpakan, hiyawan, at sigaw sa tuwing tumutugtog ang paborito nilang kanta o grupo.

Ang masiglang interaksiyon ng mga manonood at mananayaw ay nagbigay-buhay sa programa at lalong nagpatibay sa diwa ng selebrasyon.

Bukod sa K-pop, nagpatugtog rin ang mga organizer ng ilang Pinoy pop (P-pop) songs, na lalong nagpasigla sa aktibidad at nagbigay-diin sa pagsuporta sa lokal na musikang Pilipino

EDITORIAL

# MX. FRESHIE 2025 NAGNINGNING SA MDF 2025

*Ni Jamilla Dela Cruz*

**NDANG, CAVITE — Nagliyab sa talento at karisma ang entablado ng Mx. Freshie 2025 sa pasiklaban ng mga kalahok mula sa iba't ibang kolehiyo sa Cavite State University (CvSU) - Main Campus Grandstand, Disyembre 11.**



*Litrato mula sa KabsuLente*

Ibinida ng mga nasa unang taon sa kolehiyo ang diwa at adbokasiya ng kaniya-kaniyang departamento bilang bahagi ng taunang Malayang Diwa Festival 2025 na may temang "Kabataang Kabsuhenyo, Tinig ng Pagkakaisa para sa Malayang Pamantasan at Lipunan."

Sinimulan ang patimpalak sa isang engrandeng production number ng labing siyam na kandidato at sinundan ito ng presentasyon sa costume segment kung saan ibinida ng bawat kandidato ang pagkamalikhain sa kanilang attire.

Nagpamalas naman sila ng talino at kahusayan sa Q&A portion na sumubok sa kanilang kaalaman at katatagan sa mga napapanahong isyu sa loob at labas ng pamantasan.

Matapos ang isang mainit na laban, kinoronohan bilang Mx. Freshie 2025 sina Anne Louise Reyes at Mark Lenin Yalung ng College of Nursing.

"At first kinabahan ako kasi di naman talaga ako pala-pageant," pag-amin ni Reyes. "Pero ayun po, with the support of my friends, in-encourage talaga nila ako, at binigyan nila ako ng confidence na mag-participate. Isa na rin 'yung pag-inspire at pagpapalakas ng boses ko para sa mga batang kabsuhenyos."

Ayon naman kay Yalung, "It was very unexpected po, because at first I did not have any intentions to join this Mx. Freshie, pero hindi naman po ako nag-join dahil gusto nila; I joined po because I want to use my voice for everyone to know."

Ngunit hindi lamang sa entablado nagningning ang tema ng pagkakaisa; damang-dama rin ito sa likod ng entablado lalo na sa tulong at suporta ng kani-kanilang kamag-aral.

Kwento ni Reyes, "In-assist nila ako sa paggawa ng costume, kasi very last minute at unti lang yung prep time, pero tinulungan ako ng aking mga classmates, ng friends ko, ng parents ko, and overall that helped me a lot. Binigyan ako ng confidence to do well."

"Nung introduction ko, binanggit ko po nung time na 'yun yung College of Nursing, nagsigawan po talaga sila at that gave me so much confidence." ani Yalung.

Sa huli, nakamit ng pambato ng College of Education na si Anne Panganiban at Franz Aaron Atienza ng College of Agriculture, Food, Environment and Natural Resources ang 1st Runner Up habang 2nd runner up naman sina Ziv Ion Valbuena ng College of Veterinary Medicine and Biomedical Science at Yovee Mojica ng College of Arts and Sciences.

Nasungkit naman ni Geme Andrea Silan ng College of Engineering and Information Technology ang Kabsuhenyo's Choice Award at Face of the Freshies Award, habang Best in Attire Award naman si Mark Lenin Yalung ng CON.

# KORAPSYON, BANTA SA PANGKALIKASANG ESTADO NG BANSA – GRUPO




*Litrato mula sa Green peace philippine*

*Ni Myka Anjela Senido*

**Malaking banta umano para sa ilang civil society groups ang malawakang korapsyon sa Pilipinas sa kakayahan ng bansa na makamit ang mas mataas na target greenhouse gas emissions reduction sa ilalim ng inihahandang Nationally Determined Contribution (NDC) para sa Paris Agreement, Disyembre 4.**

Pahayag nila, hindi klima, ngunit korapsyon ang maaaring pumigil sa Pilipinas na maabot ang layuning ito na kasalukuyang ipinapasa para sa 2025 Nationally Determined Contribution (NDC).

Mula sa naipresenta noong Disyembre 5 ng pamahalaan sa ilang organisasyon, makikita rito – ang plano na itaas ang target mula sa mababang porsyento patungo sa tinatayang 10% - 20% pagbabawas sa gas emissions na mas mataas kumpara sa mas maliit na datos noong nakaraang taon.

Subalit, sinabi ng ilang grupo na hindi sila nakonsulta nang – "With a likely higher cost of implementation for the updated NDC to match the higher ambition, there is simply no room for any errors, especially those caused by corruption or inaction," saad ni Aksyon Klima Pilipinas national coordinator John Leo Algo.

Ang usapin umano ng korapsyon sa klima ay hindi lamang limitado sa mga emissions target. Sa loob ng 2025, ilang environmental advocate at mga grupong tulad ng Greenpeace Philippines ay nagbabala na mahigit ₱1 trilyong pondo para sa climate tagged projects ang maaaring mawala dahil sa anomalya at katiwalian sa implementasyon ng mga proyekto.

"Public funds must go to protecting communities through effective flood control, climate adaptation, and stronger public – services to give Filipinos a fighting chance in the face of the climate crisis. Every recovered peso strengthens our defenses, and every step toward transparency brings us closer to a fairer and safer future," ani Lea Guerrero, county director ng Greenpeace Philippines

Bukod dito, naglabas din ng mga ulat ang ilang Non-Governmental Organization (NGO) at youth climate advocates na ang kakulangan sa transparency at inclusion ng mga komunidad sa climate planning ay nagpapalala sa problema.

Ang Nationally Determined Contribution (NDC) ay bahagi ng pandaigdigang pangako ng Pilipinas sa ilalim ng Paris Agreement na nagpapatupad ng mga hakbang para sa pagpapababa ng emissions.

04news
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

# NINGNING O DILIM:


Litrato mula sa Facebook Page: Mayor Brent Tolentino

## CITY-WIDE STREETLIGHT INSTALLATION IKINASA SA TAGAYTAY

**TAGAYTAY CITY, CAVITE—Tinalakay ni Tagaytay City Mayor Brent Tolentino ang isyu tungkol sa streetlight installation sa isang video na naglalaman ng kanyang mga nagawa sa unang 100 days sa panunungkulan, via Facebook page, Oktubre 13.**

Isinaad dito na bibigyang-prayoridad ng pamahalaang lungsod ang kaligtasan ng mga mamamayan at turista kaya patuloy ang paglalagay ng mga ilaw sa kalsada sa mga highway at barangay roads.

Aniya, "Napailawan na natin mula Mahogany Avenue hanggang Crisanto M. De Los Reyes, at naglagay na rin tayo ng karagdagang streetlights sa Tagaytay Nasugbu Highway, partikular sa bahagi ng Canossa. May idinagdag din tayong mga ilaw sa Ospital ng Tagaytay."

Sa kasalukuyan, may kabuuang 95 ilaw na ang naikabit: 55-streetlights sa mga highway at 40 floodlights sa iba't ibang bahagi ng lungsod.

Hinihintay pa rin ng lokal na pamahalaan ang pagdating ng karagdagang 100 bagong set ng mga streetlight upang maipagpatuloy ang installation.

Samantala, nagpahayag ng pagkadismaya si Emelita Villanueva, isang residente ng lungsod, hinggil sa mabagal na aksyon sa kakulangan ng ilaw sa mga kalsada.

"Nakakalungkot dahil hanggang ngayon mabagal pa rin ang aksyon sa problema sa ilaw dito-sa amin, napakadelikado kasi talaga sa mga motorista at mga naglalakad sa kalsada lalo na kapag gabi, matagal na talaga itong problema dito," saad niya.

"Sana matapos na ang installation para hindi na mahirapan kaming mga residente." dagdag pa nito.


Ibinahagi rin ng isang turista ang kanilang karanasan sa pagbisita sa Tagaytay, "Sa tuwing bumibisita kami dito sa Tagaytay, ang lagi talaga namin napapansin at comment ay madilim—city na city pa man din."

Sinagot naman ni Tolentino ang pag-aalala ng mga residente, "Huwag po tayong mag-alala dahil ang pagpapailaw sa ating lungsod ay isa sa mga pangunahing prayoridad ng aking panunungkulan, at ipagpapatuloy natin ito hanggang sa lahat ng lugar na nangangailangan ay maging maliwanag."

Habang nagpapatuloy ang paglalagay ng mga streetlight,-may ilang ulat naman ng pagnanakaw sa mga bagong kabit na ilaw.

Dahil dito, hinikayat ni Tolentino ang mga residente na maging mapagmatyag at agad na ipagbigay alam sa mga awtoridad kung may mapansing kahina-hinala o insidente ng pagnanakaw.

***Ni Valerie Joyce Victoria***


Litrato ni Valerie Joyce Victoria

Lagay ng Kalsada sa Tagaytay-Calamba Road, Tagaytay City

## ILANG ESTUDYANTE SA CVSU, NANGAMBA SA PATULOY NA PRESENSYA NG PULIS

***Ni Carlos Toreña***

**INDANG, CAVITE —Nagdulot ng alalahanin sa ilang estudyante ng Cavite State University (CvSU)-Main Campus ang presensya ng ilang kapulisan ng Indang Municipal Police Station (MPS) sa loob ng pamantasan, kasunod ng kanilang aktibong pagsusulong ng Anti-Criminality Campaign ng Philippine National Police (PNP).**

Ayon sa ilang komento sa Facebook post ng Indang MPS noong Nobyembre 17, ang presensya ng kapulisan sa loob ng unibersidad ay posibleng maging banta sa seguridad ng estudyante at pagiging ligtas ng paman-tasan - bilang espasyo ng malayang pagpapahayag hinggil sa mga isyu.

Inalmahan din ng iilan na mahigpit ang pamantasan sa pagpapapasok ng mga estudyante ng hindi nakasuot ng ID at uniporme, ngunit - kakwestyon-kwestyon na nagpapapasok sila ng hanay ng kapulisan sa loob ng unibersidad.

"Kasi syempre 'di ba ang campus ay tinatawag na pangalawang tahanan ng isang estudyante. So yes, in a sense, nag-aalala rin ako kasi nga maybe there's something happening within the campus na hindi namin alam at hindi kami naiinform." Dagdag pa ni Krischelle Rufo ng Bachelor of Science in Architecture.

Ang naturang kampanya na isinusulong ng Indang MPS ay isinasagawa sa pakikipag dayalogo at pagbabahagi ng flyers na layong palakasin ang kaalaman ng kabataan at residente ng Indang, Cavite hinggil sa mga banta ng kriminalidad tulad ng illegal drugs, cybercrime, at iba pang krimen.

Samantala, wala pang isinasapublikong pahayag ang Indang MPS at administrasyon ng unibersidad hinggil sa isyu.



Litrato mula sa Indang Municipal Station



Photo Courtesy: Indang Municipal Station

*The Official Publication of Journalism Guild*

**VOLUME VI ISSUE II**

# BOARD OF EDITORS

Marie Cris Estrada
***Editor-in-Chief***

Kaye Anne Sebuc
***Associate Editor & Sports Editor***

Myka Anjela Senido
***Managing Editor & Associate News Editor***

Micah Ella Lajato
***Copy Desk Chief***

Kim Ashlly Layderos
***News Editor***

Cyrus Cortez
***Op-Ed Editor***

Frances Agatha Agbayani
***Features Editor***

Hazel Grace Lo-Ar
***Associate Features Editor***

Sheil Ivan Domingo
***Creatives Head***

Wynona Nyshiella Tadulan
***Social Media Manager***

James Elmer Pacala
***Associate Sports Editor***

***News Writers:***

Adrian Belardo
Jamilla Mae Dela Cruz
Marnel Florentino
Arman Paul Ibarra
Jason Madjus
Jannah Alexa Montenegro
Carlos Toreña
Valerie Joyce V. Victoria

***Op-Ed Writers:***

Riza Acma
Cyrus Wendell Aure
Lois Lyne Edianel
Marnel Florentino
Arman Paul Ibarra
Manuel Rivas
Dhenriel Charm Suarez
Valerie Joyce Victoria

***Features Writers:***

Ashlee Desiree Acayang
Cyrus Wendell Aure
Kim Hannah De Leon
Arman Paul Ibarra
Rain Legarda
Xyrone Madero
Manuel Rivas

***Sports Writers:***

Charles Errol Baldoz
Sheil Ivan Domingo
Charylle Alexie Gonzales
Wynona Nyshiella Tadulan

***Sr. Layout Artists:***

Darelle Soriano

***Layout Artists:***

Xyrha Marietth Dela Cruz
Marnel Florentino
Jason Madjus

***Cartoonists:***

Charles Errol Baldoz
Angelica Mae Menor
John Evander B. Rodilla

***Photojournalists:***

Marichelle Apostol
Leira Belle Leong
Faith Valenzuela
Jhon Dave Villanueva
Krisnoel Petallar

***Social Media Moderators:***

Xyrha Marietth Dela Cruz
Faith Ann Nicdao





# EDUKASYON: GABAY O MANDO?

***Ni Rain Legarda***

**Wika ng karamihan, kabataan ang pag-asa ng bayan. Pero paano kung ang kabataan na mismo ang siyang pinagkaitan mo ng karapatan upang kontrolin at para maging sunod-sunuran sa interes ng iilan?**

Ang edukasyon ay sandigan ng kalayaan—isang proseso ng paghubog ng isang malaya, kritikal, at may kakayahang magtanong na mga mag-aaral. Ngunit sa ating bansa, tila unti-unting nawawala ang tunay na diwa nito, at napapalitan ng isang sistemang naglalayong itali ang isipan ng kabataan sa iisang panig ng kwento.

Hindi edukasyon ang tawag sa sistemang nagdidikta ng dapat nilang paniwalaan.

Hindi edukasyon ang pagtuturo ng kasaysayang binabago upang paboran ang iilan.

Hindi edukasyon ang pagtahimik sa mga guro na gustong magturo ng katotohanan.

Ito ay indoktrinasyon, isang anyo ng paniniil na mas mapanganib kaysa sa lantad na diktadura.

Ayon sa mga pag-aaral, si Dr. Clarita Carlos na dating propesor-ng political science sa University of the Philippines, at mga kritiko mula sa Araling Panlipunan Curriculum, ay nagpahayag ng pagkabahala sa pagbabawas o pagkiling ng ilang mga mahahalagang aralin sa kasaysayan, partikular na ang mga isyu tulad ng Martial Law at mga human rights abuses. Binatikos nila ang ganitong manipulasyon bilang isang uri ng indoktrinasyon na naglalayong kontrolin ang pananaw ng kabataan tungkol sa pulitika at kasaysayan ng bansa.

Bukod dito, sa mga unibersidad, ang red-tagging sa mga guro at mag-aaral na nagtutulak ng kritikal na diskurso ay nagiging normal. Ang mga progresibong organisasyon ay tinatatakan bilang rebelde, habang ang mga guro na naglalakas-loob magturo ng kontrobersyal na isyu ay natatakot mawalan ng trabaho. Ang ganitong uri ng pananakot ay naglilimita sa espasyo ng malayang talakayan sa mga paaralan.

Sa positibong panig, kung maiiwasan na magkaroon ng pag-aalsa sa loob ng pamantasan, ito'y magiging payapa at hindi maka-aapekto sa oras ng klase. Maiiwasan rin ang panganib sa pisikal na kaligtasan at ang pagkawala ng-pokus sa edukasyon na hahantong sa pagiging instrumento o bias sa pulitikal na diskurso.

Subalit para saan ba ang mataas mong grado? Kadalasan ay kailangan sundin ang patakaran ng walang pagtatanong. Sa oras na magsalita o kwestyunin mo sila, ang tawag na kaagad sayo kung hindi pasaway ay bastos. Nag-aral ba tayo para lang mag-*review*, *memorize*, at *recite*? Nandito tayo para maging kritiko at lider sa paghahanap ng solusyon sa problema ng lipunan.

Simula palang tinuruan ka nang sumunod, hindi mamuno para sa maganda at matibay na pagbabago. Ang resulta? palagi tayong kulelat. Mga employer, mayayaman at politiko lang ang may benepisyo sa ganitong gasgas na sistema. Ang edukasyon ay dapat mapagpalaya, hindi para igapos ka. Hangga't ang silid-aralan ay imbis na maging espasyo ng diskurso, sa halip ito ay nagiging entablado pa ng propaganda. Patuloy lang tayo lumilikha ng mga manggagawa para sa ibang bansa at sunod-sunurang botante para sa mga maling lider sa hinaharap.

*Litrato mula sa PhilStars*



# PANAGUTAN, HINDI PAGLIBAN

***Ni Lois Lyne Edianel***

**Humingi ng saklolo sa Korte Suprema (SC) si Senator Ronald "Bato" Dela Rosa upang maglabas ng temporary restraining order (TRO) laban sa implementasyon ng arrest warrant na inilabas sa kaniya ng International Criminal Court (ICC). Kaugnay ito ng kaniyang naging papel bilang hepe ng Philippine National Police (PNP) noong panahon ni dating Pangulong Rodrigo Duterte. Sa muling pag-usbong ng isyung ito, sinusubok na naman ang kredibilidad ng sistemang panghukuman ng Pilipinas at nananatiling bukas ang tanong: may hustisyang maaasahan pa ba ang libu-libong biktima ng giyera kontra droga?**

Ayon sa datos ng PNP, humigit-kumulang 6,200 katao ang napatay sa mga operasyon mula 2016 hanggang 2021. Taliwas nito, tinatayang mas mataas pa ang-bilang ng nasabing kaso—12,000 hanggang 30,000—ayon sa Amnesty International at Human Rights Watch, kabilang na ang mga sibilyan at menor de edad. Hindi lamang mga numero ang mga ito — patunay ito ng problemang matagal nang hindi natutugunan.

Sa gitna ng kontrobersiya, patuloy na kinukuwestiyon ang papel ni Dela Rosa bilang pangunahing tagapagpatupad ng kampanya sa umano'y sistematikong paglabag sa karapatang pantao. Bagama't iginigiit ng pamahalaan na kaya nitong magsagawa ng sariling imbestigasyon, nananatiling mabagal at kapos ang mga resulta. Sa libo-libong napatay, iilan lamang ang naimbestigahan at halos walang napananagot.

Dahil dito, ipinagpatuloy ng ICC-ang imbestigasyon noong 2023at nagpasya na may sapat na batayan upang suriin ang posibleng "crimes against humanity." Hindi ito simpleng panghihimasok, kundi tugon sa kakulangan ng mekanismo para marinig ang mga biktima at mapanagot ang dapat managot. Lalong lumalalim ang pagdududa habang patuloy ang pagtanggi ng pamahalaan na makipagtulungan. Sino ba talaga ang kanilang pinangangalagaan?

Kung tunay na ninanais ng pamahalaan ang hustisya, hindi nito dapat takasan ang masusing pagsusuri. Sapagkat habang nananatiling mailap ang katotohanan, patuloy na lumalalim ang sugat ng bansa. At ang hustisyang ipinagkakait ay hustisyang hindi dapat ipagsawalang-bahala.

*Litrato mula sa Philppine News Agency*

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II



# LECHE BUENA: SA PASKONG GIPIT, SINO ANG NAIIPIT?

Ni Frances Agbayani

**Saan aabot ang 500 pesos mo?**

Taon-taon na lang, naglalabas ang Department of Trade and Industry (DTI) ng listahan ng mga pagkaing maaaring gawing basehan ng mga konsyumer para maging abot-kaya ang paghahanda tuwing Pasko. Ang mungkahing ito ay para maiparating sa publiko na ang paghahanda ng Noche Buena ay kayang ipagdiwang ng kahit sinong pamilya.

Kaugnay nito, ipinahayag kamakailan ni Trade Sec. Maria Cristina Aldeguer-Roque na posibleng makapaghanda ang isang pamilya ng simpleng Noche Buena sa halagang limang-daang piso.

Ngunit, sa pagbibitiw ng naratibong ito, marami ang nagpakita ng kanilang galit at pagkadismaya, kung saan malinaw ang malaking agwat sa pagitan ng opisyal na mensahe at tunay na karanasan ng mga Pilipino.


Sa isang bansang itinuturing ang kapaskuhan na higit pa sa isang selebrasyon, ang pagbibitiw ng ideya na ang pagdiriwang nito ay kayang maabot sa halagang limang-daang piso ay sampal sa malalim na kultura at deka-dekadang tradisyon na itinatag ng mga Pilipino.

Samakatuwid, ang suhestiyon na ipinamalas ng DTI ay isa lamang sa napakaraming lasong nagpapanggap na lunas para gamutin ang mga problemang tulad nito.

Kung tutuusin, wala namang masama sa iminumungkahing limang-daang pisong salusalo ng naturang ahensya. Ang masama: ipinapakita lang nito ang pagiging mapagsamantala ng gobyerno sa mga problemang masa mismo ang humahanap ng solusyon dahil sa kanilang kakulangan.

Sa halip na kilalanin ng pamahalaan ang mas malalalim na isyu na kinahaharap ng ating bansa gaya ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin, ginagawa nilang sandata ang pagiging matatag at madiskarte ng mga Pilipino para suportahan ang kanilang ilusyon.

Kaya naman, ang isyung ito ay hindi lamang tungkol sa halagang limang-daang pisong handaan. Ang galit ng publiko ay malinaw na sumasalamin sa mas malalalim na problemang kanilang kinakaharap, at ito'y panawagan: sa mga panahong ang gobyerno'y nanggigipit, ang taumbayan ang laging sumasalo't naiipit.




Kartoon ni Angelica Mae Menor

# (AI)M DASH

Ni Charles Errol Baldoz




Kartoon ni Charles Errol Baldoz

**Ang AI assistant gaya ng ChatGPT ay isa lamang sa mga kilalang AI content generators na sinasabing kayang sumagot sa kahit anumang katanungan at utos—mapa-text, larawan, at maging program coding. Subalit, katuwang nito ay ang paglaganap ng mga estudyanteng gumagamit ng AI generated content para sa kanilang asignatura at maging sa kanilang thesis na agad ikinabahala ng mga guro at propesor.**

Maraming nakapansin na isang indikasyon sa AI generated content ay ang madalas na paggamit ng isang bantas na nagbibigay-diin sa isang panayam—ang em dash.

Dito na nagsimulang umusbong ang problema: maraming manunulat at mga estudyante ang umalma sa nasabing konklusyon sapagkat tila iniinsulto nito mga taong likas na gumagamit nito kahit hindi naman sila gumagamit ng AI.

Bago pa man maisapubliko ang paggamit ng AI assistant, matagal nang ginagamit ang em dash sa iba't ibang uri ng literatura—mula sa mga nobela hanggang sa mga pang-akademikong sanaysay. Ilan sa mga classic authors gaya nina Jane Austen at Emily Dickinson—na parehong kilala sa paggamit ng em dash sa pagsasalaysay—ay binanggit din ng ilang mga netizen bilang pruweba na hindi dapat gawing batayan ang em dash sa kung ano ang AI generated at hindi.

Bukod sa nasabing bantas, marami rin ang gumagamit ng online AI detector upang tukuyin kung ang isang teksto ay AI generated o hindi. Gayunpaman, sa kabila ng "katiwa-tiwalang" instrumentong ito, isa rin ito sa naging dahilan ng paglaganap ng maling paghuhusga sa mga gawa ng sariling isip ng may akda.

Nito lamang nakaraang Nobyembre, gumawa ng tunog ang isang post sa Reddit patungkol sa maling husga ng isang AI detector sa *1776 US Declaration of Independence*. "99.99% AI GPT," ayon sa naturang detector.

Bakit nga ba ganito ang naging resulta? Marahil ang mga AI detectors ay tanging humahanap ng mga pattern na "mukhang AI" gaya ng malalalim na salita at pormal na istraktura ng pangungusap—mga bagay na mayroon ang Declaration of Independence dahil ito'y isinulat noong ika-labingwalong siglo.

Dagdag pa rito, ayon kay Tor Constantino, isang AI consultant, bukod sa sobra-sobrang paggamit ng em dash, maari ring matukoy ang AI generated text sa language patterns at consistency issues—dahil sa pagkaka-program ng mga AI assistants, madalas na wala itong emosyon, pabago-bago ang paksa, at tila pantay-pantay lahat ng bilang ng salita kada pangungusap.

Sa huli, nararapat nga bang maging basehan ang paggamit ng tamang gramatika at bantas sa pagtukoy sa AI generated contents? Kung magpapatuloy ang stigma sa paggamit ng em dash, maaring unti-unti na nitong pinapatay ang katiting na awtentisidad sa larangan ng pagsusulat—ang noo'y binuo upang tumulong ay unti-unti nang sumisira sa kreatibidad ng tao.

**Habang kumakalat ang AI sa iba't ibang larangan gaya ng edukasyon at pamamahayag, huwag kalimutan na gamitin ito nang may pananagutan at ibuhos ang sariling utak, ideya, at salita sa mga gawa—dahil ang sariling ideya ay hindi kayang palitan ng kahit na anong makabagong teknolohiya.**

Litrato mula sa URBE University

# SUPER WEALTH CENTERS



Ni Arman Paul Ibarra

**Sa mga nakaraang serye ng mga sakuna, krimen, at katiwalian na sumasalot sa bansa, ang mga "tapos na" ngunit hindi na magagamit na Super Health Center ay isa na namang matinding anomalya na naobserbahan sa iba't ibang lungsod at munisipalidad.**

Ang mga health center na ito ay bahagi ng Health Facilities Improvement Program (HFEP), na naglalayong tiyakin ang de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan. Subalit, isa na naman itong tahasang kawalan ng katarungan lalo na sa mga nangangailangan ng agarang tulong medikal partikular sa mga liblib na lugar, dahil ang kanilang inaasam na "solusyon" ay walang iba kundi walang humpay na pagnanakaw ng gobyerno sa pondo ng publiko.

Sa Naic Cavite, kung saan nagkaroon ng kakulangan ng mga Rural Health Unit, isang health center ang itinayo, ngunit ito ay nasa ilalim pa rin ng konstruksyon, pitong buwan na ang nakalipas mula sa petsa- ng pagkumpleto ng kontrata.

Kalahati ng populasyon ng bansa ang walang access sa mga pasilidad at serbisyong pangkalusugan, at walang dudang malaking ginhawa sana para sa kanila ang mga proyektong ito. Ngunit patuloy na pinagkakaitan ng kanilang karapatan sa abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, na humahantong sa malubhang sakit at maging kamatayan.

Kapansin-pansin, ang Department of Health ay naglaan ng 170 bilyong piso para sa imprastraktura at kagamitan ng HFEP, ngunit natuklasan sa isang imbestigasyon na 196 lamang sa 876 na Super - Health Center na pinondohan para sa 2021 ang gumagana, at 17 ang nananatiling bahagyang gumagana lamang.

Nagawa man ng gobyerno na maglungsad ng mga programa tulad ng eHealth Framework, ngunit ang access sa pangangalagang pangkalusugan ay nananatiling mahirap para sa mga Pilipino. Samakatuwid, dapat ipatupad ng gobyerno ang mas masuring reporma at italaga ang awtoridad sa isang taong maagap, responsable, at mangangasiwa hindi lamang sa mga resulta nito kundi pati na rin sa buong proseso upang matiyak na ang mga karapatan ng mga tao ay hindi maiiwanang hindi natutupad.

*Litrato mula sa Philippine Information Agency*

# GURO: TRABAHO O CHARITY WORK?



Ni Cyrus Cortez

**Tibay.**

Iyan na lamang ang pinanghahawakan ng ilang mga instruktor sa Cavite State University (CvSU) dahil sa delayed na namang sahod ng mga ito. Habang abala sila sa pagtuturo ng mga aralin, paggawa ng mga pagsusulit, at pagkompyut sa mga grades ng estudyante, abala rin ang ilan sa kanila sa pagtitipid dahil sa tagal na makuha ang karampatang sweldo nila sa hindi malamang dahilan.

Hindi na bago ang ganitong kwento sa loob ng unibersidad na ito. Halos taun-taon, tila nagiging kultura na ang paghihintay—hindi sa bonus at bakasyon, kundi sa sahod na dapat ay matagal nang nasa bulsa nila.

Mas nakalulungkot pa, ang mga instructor na hindilamang ginagawa ang kanilang mga trabaho kundi naging parte rin sa paghubog sa pagkatao ng mga estudyante, ay sila pa ang hindi na-aalagaan nang maayos ng administrasyon. Kung tutuusin, hindi tatakbo ang buong pamantasan kung wala sila.

"Sa pagtuturo, dapat bukal sa puso mo, dahill hindi ka talaga yayaman dito".

Ito ang lagi nilang sinasabi sa tuwing may mga estudyanteng gustong sumunod sa mga yapak nila. Pero bakit nga ba kailangan umabot sa puntong tila isang charity work ang pagtuturo? Sa dami ng mga proyekto ng unibersidad, bakit hirap na hirap silang matustusan ang pangangailanan ng mga guro?

Hindi ito dapat itrato bilang isang simpleng aberya lamang, dahil ito'y sumasalamin sa kung anong klaseng sistema ang mayroon ang isang pamantasan. Kung ang pundasyon ng edukasyon ay pinapabayaan, paano aasahan ang kalidad ng serbisyong pang-edukasyon?

Hindi sapat ang tibay kung ang mismong institusyong dapat sumusuporta sa mga guro ay patuloy na nagpapabaya. Ang delayed na sahod ay hindi dapat normalisahin, at lalo na, hindi ito dapat maging parte ng tradisyon sa kanilang propesisyon. Kung tunay na pinahahalagahan ng unibersidad ang kalidad ng edukasyon, dapat nitong tiyaking na-aalagaan ang mga gurong nagsisilbing pundasyon nito.

*Litrato mula sa RMN Networks*

# SA PULA, SA ASUL, AT SA KINABUKASAN

Ni Wendell Aure

**Sa politika ng Pilipinas, madalas nating marinig ang linyang "divide and rule." Ang bawat partido, rehiyon, o grupo ay tila nasa sariling kahon, may kaniya-kaniyang kulay at paninindigan. Ngunit paano kung titingnan natin ang pulitika bilang isang kahon ng krayola? Sa isang kahon, bawat kulay — pula, pink, berde, dilaw ay may sariling lakas, at kapag pinagsama, nagkakaroon ng makulay at masining na larawan.**

Ganito dapat ang pulitika sa Pilipinas. Ang pagkakaiba-iba ng opinyon at partido, mula sa mga lokal na barangay hanggang sa Kongreso, ay hindi hadlang kundi yaman ng demokrasya. Sa halip na maging sanhi ng hidwaan, ang pagkakaiba na ito ay pwedeng maging daan upang mas mahusay na tugunan ang problema ng bansa mula sa edukasyon at kalusugan, hanggang sa climate change at agrikultura.

Ang "Crayon Box Politics" ay paalala: mas matatag ang bansa kung may respeto at pagtanggap sa pagkakaiba. Kapag pinagsama ang magkakaibang pananaw, mas malapit tayo sa makabuluhang solusyon. Halimbawa, sa mga local council meetings, iba't ibang sektor, magsasaka, guro, negosyante ay nagkakaisa upang makabuo ng polisiyang makabubuti sa lahat.

Hindi mahalaga kung anong kulay ang nangingibabaw, kundi kung paano nagkakaisa ang lahat upang bumuo nang maliwanag at makulay na kinabukasan. Sa ganitong paraan, ang pulitika sa Pilipinas ay hindi lang tungkulin, kundi pagdiriwang ng pagkakaiba, pagkakaisa, at pag-asa para sa bayan.

Sa kahon ng krayola ng pulitika sa Pilipinas, bawat kulay ay may puwang, bawat tinig ay mahalaga, at bawat pagkakaiba ay bahagi ng mas maliwanag at makulay na kinabukasan. Hindi ito laban ng isa laban sa isa, kundi sayaw ng bayan na nagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba.

08lathalain
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

*Litrato mula sa Manila Bulletin*

# BIYAHE NG PANGARAP

**Ni Ashlee Desiree Acayang**

**Bago pa sumikat ang araw, gising na ang maraming estudyanteng Pilipino. Sa katahimikan ng madaling araw, sabay-sabay nilang nilalabanan ang antok, minamadali ang pag-aayos, at tinatahak ang daan palabas ng bahay. Hindi pa man nagsisimula ang klase, naroon na agad ang unang tunay na hamon ng araw: ang pagko-commute.**

Sa mahahabang pila, malamig na hangin, o minsan ay maagang init ng araw, doon nag-uumpisa ang kwento ng bawat batang maaga pa lamang ay nakikipagsapalaran na para sa pangarap.

Sa araw-araw na biyahe, dala nila ang bigat ng bag, ang kaba ng pagiging late, at ang pagod na parang hindi pa man umaandar ang jeep, ubos na ang lakas. Siksikan sa jeep, walang upuan, umaasang makasabit pa sa likod, o kaya'y umaasang may dadaan pang bus na hindi puno—lahat ito ay bahagi ng matagal nang nakagawian ng mga estudyante. Mahirap, nakakapagod, at paulit-ulit—pero tuloy pa rin. Dahil para sa isang komyuter, lalo na sa estudyante, ang biyahe ay hindi lang pag-usad ng kilometro kundi pagharap sa araw-araw na laban.

At habang mabagal ang usad ng jeep, mabilis namang umaandar ang imahinasyon. Dito pumapasok ang mga sandaling nagiging pelikula ang ordinaryong biyahe. Iniisip ang hinaharap—isang sariling nakapagtapos na, may maayos na trabaho at buhay. Pero minsan, bumabalik ang utak sa kahapon: mga salitang pinagsisisihan o pagkakataong sana'y naiba ang takbo. Habang tinitingnan mo ang mga kasabay, nagsisimula kang lumikha ng kwento: ang antok na estudyante, ang nanay na may dalang gulay, ang lalaking nakatitig sa bintana na para bang may pasan. At sa gitna ng lahat ng ito, malaya ang utak na lumilipad kasabay ng pag-andar ng jeep sa malawak na kalsada.

Kaya nga sinasabi nilang sa jeep, sabay umaandar ang isip at pangarap. Habang dahan-dahang sumusulong sa trapik ang sasakyan, ang pangarap naman ay dumadaloy na parang ilog sa utak ng estudyante—walang humahadlang, walang checkpoint, walang red light.

At sa bawat maliit na pag-usad ng jeep, kahit isang pulgada lang, may kasunod na paalala: tulad ng biyahe, ang pangarap ay maaaring mabagal, pero basta't tuloy-tuloy, aabot ka rin sa paroroonan. Hindi man mabilis, pero kailanman hindi nakatigil.

Pero kahit gaano kaganda ang kwentong nabubuo sa utak habang nasa biyahe, hindi nawawala ang katotohanan: pagod pa rin. Nariyan pa rin ang bigat ng bag, ang pawis, ang takot na mahuli, ang galit sa traffic, at ang inis sa siksikan.

Sa kabila ng lahat, may mga tagumpay na hindi napapansin: ang makarating nang sakto sa oras kahit anong kinahaba ng pila, ang makasingit sa huling jeep, ang makaupo pagkatapos ng ilang minutong pagtayo, at ang makauwi nang ligtas. Tunog simpleng tagumpay pero para sa estudyanteng komyuter, ito'y ebidensya ng lakas, tiyaga, at determinasyon—mga bagay na walang grado pero may lalim.

At sa huli, naroon ang pinakamagandang katotohanan: na sa bawat araw na napupuno ng pagod, trapik, at pag-aalala, may kasamang pangarap na bumabiyahe. Hindi ka lang basta hinahatid ng jeep sa paaralan o sa bahay, bawat byahe nito ay paglalakbay mo rin papunta sa mas malaking pangarap. Sa bawat kadyot at pag-usad, sa bawat hinto at pag-andar, pinapaalala nitong unti-unti kang umaabot sa iyong destinasyon.

Kaya kahit mabagal ang biyahe, kahit paulit-ulit ang ruta, kahit minsan gusto mo nang bumaba at sumuko—hindi ka tumitigil. Dahil habang umaandar ang jeep, umaandar din ang pangarap. At basta't umaandar, may posibilidad, may pag-asa, may direksyon, at may bukas na mas maganda kaysa kahapon.

At doon, sa munting espasyo ng jeep na puno ng pawis, ingay, at pagod, tahimik na umuusbong ang pangarap ng bawat estudyanteng Pilipinong patuloy na lumalaban.

# LARO, LIKHA, LINGAP

**Ni Kim Hannah De Leon**

**Sa masiglang komunidad ng Talaba II, Bacoor, Cavite, naghatid ang AYAN PH ng isang makabuluhan at makulay na pagdiriwang ng National Children's Month sa temang "Laro, Likha, Lingap: Puso't Gawa Para sa Bata." Dito, nagtipon-tipon ang mga bata at volunteers upang ipagdiwang ang pagkamalikhain, karapatan, at katatagan ng mga batang Pilipino.**

*Storytelling: Kuwento, Imahinasyon, at Pagpapahalaga*

Unang aktibidad ang storytelling session, kung saan ang mga bata ay buong atensyong nakinig sa mga kuwentong tumatalakay sa kabutihan, katapangan at pag-asa. Habang nagkukwento ang mga volunteer, makikita ang namamanghang mga mata, nakangiting labi, at mga batang sabik sumabay sa bawat pangyayari. Bukod sa paglinang ng imahinasyon, ang mga kuwento ay nagsilbing daan upang ipadama sa kanila na mahalaga ang kanilang boses at pangarap.

*Chalk Art: Sining na Sumisigaw ng Damdamin*

Sumunod na bumida ang chalk art, hindi na kinailangan ng mga bata ng canvas—ang mismong sementadong sahig at pader angnaging pahina ng kanilang sining. Sa bawat guhit ng chalk, lumitaw ang maliliit na pangarap—mga bahay, bulaklak, rainbow, at minsan ay ang mga taong nagmamahal sa kanila. Sa pagtatapos ng aktibidad, ang dating kulay-abong semento ay naging isang makukulay na disenyo ng kabataan at pag-asa.

*Larong Pinoy: Balik-Saya, Balik-Tradisyon*

Sa pamamagitan ng Larong Pinoy katulad na lamang ng bring me, pop cola, at nanay-tatay, muling bumalik sa komunidad ang tradisyunal na saya ng paglalaro. Sa panahon ng gadgets at online games, nakakabusog ng puso na makita ang mga batang nagtatakbuhan, nagtatawanan, at nag-uusap ng harapan.

*Feeding Program: Kalinga sa Katawan at Puso*

Hindi lamang isip at saya ang napunan—pati tiyan! Habang tumatakbo ang mga aktibidad, siniguro ng AYAN PH volunteers na ang mga bata ay busog at masigla sa kanilang feeding program. Makikita ang mahabang pila ng mga batang nakangiti habang tinatanggap ang pagkain hatid ng *Jollibee*.

*Book Donation at Reflection Session: Kaalaman sa Bawat Pahina at Mga Munting Boses, Malalaking Aral*

Isa sa pinakahihintay ng mga bata ay ang book donation at mga laruang regalo na kung saan marami sa kanila ay nakatanggap na maaari nang gamitin at basahin sa bahay.

Sa pagtatapos ng araw, nagtipon-tipon ang mga bata at mga volunteer para sa reflection session. Dito ay nagbahagi ang mga bata ng kanilang natutunan. Mula sa pagiging mabuti sa kapwa, pagpapahalaga sa sarili, hanggang sa pagbubutihin ang pag-aaral para sa kanilang mga pangarap.

*Puso't Gawa Para sa Bata: Misyon ng AYAN PH*

Ang buong programa ng AYAN PH ay naging patunay na sa bawat komunidad at sa bawat volunteer, may iba't-ibang paraan upang mapangalagaan ang karapatan at kinabukasan ng mga bata. Sa Talaba II, isang araw lang ang selebrasyon—pero ang alaala nito, ang ngiti ng mga bata, at ang binhing itinanim sa kanilang puso ay mananatiling buhay.

Sabi nga ng program Head na si Gabriella Flores:

> **"Ang naging inspirasyon ko sa pagbuo ng initiative na ito ay ang aking naging karanasan at nakitang kakulangan sa pag cecelebrate ng National Children's Month. Sa organization kasi namin nung nag-brainstorming pa lang kami ay halos webinar or talks ang inilatag ng marami. Naisip ko na bakit hindi tayo dumiretso sa mga bata? Makapagbigay mismo ng direktang saya sa pamamagitan ng pagbubuo ng programa kung saan makapagserbisyo tayo at makita natin ang kinalalagyan nila."**

Ayon naman kay Bernadette Brucal Lumbres na aking nakapanayam: "Bilang parte ng kabataan noon, marami akong nararamdaman patungo sa aking paglaki at naghangad din ako na may gumabay pa sa akin. Noon pa man ay hiling ko na magkaroon ng kakayahang tumulong sa iba. Sa totoo lang ay ang pakikipag-interact sa mga bata ay hindi ko malakas na punto ngunit gusto ko maging huwaran sa mga bata at bigyang-gabay sila sa paglaki, kaya nang makita ko ang pagkakataong ito ay hindi na ako nagdalawang isip na sumali."

Tunay nga na ang mga kabataan ang pag-asa ng bayan! Nakita natin ito mula sa mga volunteers hanggang sa mga batang punong-puno ng pangarap. Sa mga ganitong gawain, mas lalo silang nagiging handa at inspiradong maging susunod na lakas ng komunikdad at ng buong bansa.

*Litratong kuha ni Kim Hannah De Leon*

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

lathalain09

# Chris-Tiency

Ni Arman Paul Ibarra

**Ang Pilipinas ay kilala sa pagkakaroon ng Unang araw pa lang ng Setyembre ay ibang kulay na mga bituin sa bawat bahay rin ng pag-asa, pagdiriwang, at pagbangon.**

**ng pinakamahabang pagdiriwang ng kapaskuhan. may maaaninag ka nang kumukutikutitap na iba't -hindi lamang pang-dekorasyon ngunit simbolo**

Sa parehong panahon, naririnig din natin ang mga madamdaming melodiya na pinapatugtog sa bawat sulok ng kalye na umaantig sa karanasan at puso ng bawat Pilipino tuwing kapaskuhan.

## Mensahe't Saksi

Mahigit isang dekada man ang nakalipas, humuhuni parin ang linyang "Salamat sa liwanag mo, muling magkakulay ang Pasok " mula sa kantang "Bro, Ikaw ang Star ng Pasok" na inilabas noong 2009. Ang kant-ang ito ay higit pa sa tinig ng Pasko sapagkat ipinapah-iwatig nito ang tunay na esensya ng selebras-yon: ang pagsasama-sama, pagkakaisa ng mga Pilipino, at pagtitiwala sa Panginoon kahit na masalimuot ang naranasan ng ating mga kababayan sa hagupit ng Bagyo-ng Ondoy na sumira at kumitil sa buhay ng maraming mamamayan.

## Pagsubok at Pagbangon

Noong nagkaroon ng COVID-19, ginulat ng pandemya ang ating mundo ng kat-ahimikan at nakabibiglang pagbabago. Ang pagdwang ng kapaskuhan ay na-ging kakaiba kumpara sa nakagisnang makulay at maingay: lahat ay naging limitado, mula sa paghahanda at pagbili ng mga regalo. Pati ang pag-sasalo-salo kasama ang mga kamag-anak ay naudlot at ang pagititnda ng paboritong puto bumbong ay pagtitinda ng paboritong puto bumbong ay nahinto. Dahil sa pangyayaring ito, maraming pamilya ang napagtanto ang halaga ng pamilyang nagkaka-isa.

*"We are still thankful because our family is complete. As long as we are together, we're OK,"* saad ni Nancy Endeno sa panayam ng The Guardian tungkol sa kanilang pagdiwangng kapaskuhan noong taong 2020.

At nang mawala ang pandemya, ang tradisyunal na pamamaraan ng pagdiriwang ay bumalik at ngayon ay pinapalakas pa ng teknolohiya. Gamit ang social media, naging mas madali at malawak ang kanilang pagdaos .

## Katatagan at Diwa

Sa kasalukuyan, ang Pilipinas ay hinahamon ng iba't ibang trahedya, kalamidad, at anomalya na pumukaw sa kamalayan ng mga Pilipino. Libu-libong mga mamamayan ang nasalanta at nawalan ng tirahan sa nagdaang bagyo, marami ang patuloy na naghihirap sa pagtaas ng mga produkto at serbisyo, at mga katiwalian sa gobyerno na hanggang ngayon ay hindi pa masolusyunan at mapanagutan.

Ngunit sa kabila ng mga problemang ito, ang kalsada ay muling nabalot ng mga liwanag, dekorasyon, kulay, at nag-iingayang mamamayan na nagpapla-no kung ano ang magsisilbi nilang handa, mga lugar na pu-puntahan, at kung ano ang bibilhin na regalo para sa kanilang mga minamahal.

Mula sa kantang "Magkasama Tayo sa Kwento ng Pasko" ay ang linyang "mananatili ang diwa ng Pasko." At ang diwang ito ay ang ating pagmamahal sa pamilya na kahit simple man o magarbo ang pagdadaos, kapag kasama natin ang ating mga minamahal, ang kapaskuhan ay kumpleto at ngiti ang mamu-mutawi sa ating mga labi.

Gayun paman, kahit nakaaantig ang napagdaanan ng mga Pilipino nitong mga nagdaang kapaskuhan, hindi makakaila na hindi dapat magpatuloy ang Paskong dama ang kahirapan, kalungkutan, at pagpupumilit na ang limang daan ay kasya na para sa Noche Buena.

Ang pinaka-diwa ng Pasko ay tayong mga Pilipino. Sabihin man na "resilient" ang mga Pilipino pagdating mga sakuna at trahedya, hindi karapat-dapat na ipagpatuloy ang ganitong paningin na nagdudulot ng lalong pagpapahirap sa atin. At ngayon na ang kapaskuhan ay nalalapit, ang bawat mamamayan ay dapat makaranas ng masaya at patas na kapaskuhan.

***Ang dapat na nasa lamesa natin ay hamón at hindi isang hàmon.***

*Litrato mula sa Pinterest*

10lathalain
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

# KULAY AT BUHAY NG MGA PILIPINO
## BOSES NA NAGMULA SA BAYAN

***Ni Hazel Lo-ar***

**Ano ang politika sa Pilipinas? Mahigit isang daang taon nang malaya ang bansang Pilipinas mula sa pananakop ng mga Kastila, mahigit isang daang taon mula nang maitayo ang unang republika. Mula sa panahon na iyon, hanggang ngayon, may nagbago ba sa takbo ng politika?**

### SA PALASYONG GINTO AT PILAK

Bago pa man dumating ang mga Espanyol, ang komunidad ng Pilipinas ay ganap na at may mga namamahala. Isang pamamahalang nakikita na lamang sa loob ng teatro at politika.

Nang dumating at sumakop ang mga dayuhan, naging iba ang takbo ng buhay: nauuri ang mga tao batay sa kanilang mga katayuan sa buhay. Ang mga mayaman ay ginagalang at pinahahalagahan, at ang mga naghihikahos ay kapos at walang kapangyarihan. Lumaganap ang pag-uuri na hanggang sa kinahaharap ng buong bansa.

Si Nikka Gaddi, isang content creator ay nagsabi na ang Pilipinas ay mayroong 'crayon box politics.' Ito ay isang konsepto kung saan iniuugnay ang kulay na kumakatawan sa isang politiko, nasa puwesto man o nagbabalak pa lang umupo.

Makulay ang politika sa bansa, mayroong berde, pula, rosas, kahel, o dilaw, pero hindi kailanman naging kayumanggi—ang kulay na para sa mga Pilipino.

Sa demokrasya, ang mga tao ang dapat sinusunod ng mga namamahala. Sa Pilipinas, piling tao lamang ang bumubuhay ng politika.

Paulit-ulit na mga pangalan, pare-parehong kulay. Mga kulay na unti-unting umiinit na sa mata at panlasa ng masa.

*Litrato mula sa The Newyork Times*



*Litrato mula sa Ileana Maramag, Toppan Printing Company/Malacañang Museum*



*Litrato ni Karl Norman Alonzo/Presidential Communications Operations Office*

### HULOG NG MGA LUNTIANG PUNO

Maingay ang simula ng taon dahil sa kaliwa't kanang jingle ng mga tumatakbong senador at kongresista. Para nang sirang plakang paulit-ulit ang kanilang mga mukha at gasgas na compact disc ang kanilang mga pangako at plataporma, na isa lamang sa lima ang natutupad.

Ilang buwan bago ang ganap na botohan ay nabulabog ang buong bansa sa pagkakadakip sa puno ng kampo berde. Naging daan pa ito sa lalong pagkakaroon ng lamat sa pagitan ng pinag-isang diwa - ng mga huwad. Nabuwag ang pagkakaibigan na pinangakong layon ay unity.

Nahati ang boses ng mga Pilipino, na sumalamin sa nangyaring Midterms Election. Nanaig ang magkakaibang kulay, naglayong landas man ang tigre at agila ay iisa lamang ang kanilang destinasyon—sa palasyo ng gubat.

At sa loob ng gubat na ito nagsimula ang pag-ulan ng kontrebersiya.

*Litrato ni Eloisa Lopez/Reuters*

### KAYUMANGGING BAHA

Malas ang kinalalagyan ng Pilipinas, sa mapa at sa kamay ng mga buwaya.

Kaliwa't kanang sakunang kinaharap ng mga Pilipino—bagyo, lindol, at korapsyon na kailanman ay hindi na bago sa karanasang Pinoy. Maswerte pa rin ang bansang ito dahil sa - mgataong handang kaharapin ang lahat ng pasanin nang may ngiti sa labi, matapos magpaagos ng luha sa kanilang mga mata.

Lumubog ang Pilipinas dahil sa mga pagbaha—bahang nanggaling sa ulan, sa luha, at tinig ng taumbayan. Hindi sapat ang boses lamang sa panahong - ito, kailangang may pagtatanda at may pagtatak sa alaala. Hindi lamang ang bahid ng putik at lupa na nagmula sa mga tao ang kailangan magtagal.

Kailan pa ba hihinto ang gulong na pinaiikot-ikot na lamang ang bayan? Kailan titigil ang sandaliang pagpansin, pagpuna-,

*Litrato mula sa AFP*

*Litrato ni Jilson Tiu*

Sa panahon ngayon, wala nang halos pinagkaiba ang taong may pakialam kumpara sa wala. Nabubuwag ang pagkakaisa ng mga taong dapat na siyang may tunay na boses sa bayan. Nagiging bulong na lamang ang nahahating boses, kaya nagdudulot ito ng kalituhan imbis na kapayapaan.

Sa pamamagitan ng iisa at malakas na tinig ng mga Pilipino, nakabubuo ng isang bayang magiliw. Isang bayan na iisa ang tunguhin—ang mapayapa at makatarungang bansa.

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

lathalain

# Mga SANG'GRE sa tunay na buhay

Ni Xyrone Madero

**Gabi-gabi ay nasusubaybayan sa telebisyon ang palabas na tinangkilik na nating mga Pilipino mula pa noon. Isang kuwentong pinagbibidahan ng mga "sang'gre," mga nilalang na dugong bughaw at may mahalagang tungkulin — ang ipagtanggol ang kanilang nasasakupan at ang kanilang mundo laban sa nagbabadyang kasamaan.**

**Ngunit, hindi lamang sa palabas sila masasaksihan, maging sa tunay na buhay ay may ilang maaari nating kilalanin bilang tulad nila: mga reynang nanguna, bumoses, at lumaban sa iba't ibang patimpalak ng kagandahan. Sa kasagsagan ng nag-uumapaw na delubyo at mga perwisyong yumayanig sa buhay ng bawat Pilipino, sila ang tanglaw sa mundong nakaliligaw — mga babaeng hindi lang kagandahan ang taglay, kundi pati katalinuhan at katapangan.**



## Ang Bumangon Mula Sa Mga Abo

Noong Oktubre 18, nasungkit ni Emma Mary Tiglao ang matagal nang inaasam na korona sa kompetisyon ng Miss Grand International na ginanap sa MGI Hall sa Bangkok, Thailand. Suot ang nakamamanghang kahel at ginintuang gown na ipinares sa kakulay nitong kapa, nagmistulang phoenix na nagpapahiwatig ng kapangyarihan at pagbabagong-anyo ang hubog ni Emma.

Sa ika-13 edisyon ng pageant, katunggali ni Emma ang 76 pang mga kandidata mula sa iba't ibang mga bansa at teritoryo. Isang makasaysayang panalo ang natunghayan ng lahat dahil ito ay hindi lamang "back-to-back win" para sa Pilipinas kundi kauna-unahan ring pangyayari sa kasaysayan ng Miss Grand International.

Sa kaniyang 30 taong hinubog ng-maraming karanasan si Emma sa loob at labas ng beauty pageant. Kalaunan ay nahanap ni Emma ang layunin sa pagtulong at pagbibigay-serbisyo sa mga tao bilang isang TV host at news anchor sa isang network sa Pilipinas. Noon pa man, nagsisilbing boses na siya para sa mga pinagkaitan. Si Emma ay isang-masugid na advocate para sa mga Persons Deprived of Liberties (PDLs).

Ngayon, kaakibat ng koronang nakapatong sa kaniyang ulo ay ang bigat ng tungkulin na tiyak ay handa niyang paninindigan upang isakatuparan ang kaniyang layunin. Buong pusong tatayo bilang imahen ng pagsusumikap para sa pangarap at boses para sa mga hindi naririnig.

## Ang Nakatapak Sa Lupa

Si Joy Barcoma ang naging kinatawan ng Pilipinas sa ika-25 edisyon ng Miss Earth pdgeant. At kahit hindi niya naiuwing muli ang kalimang korona para sa bansa, itinuring pa rin itong isang malaking tagumpay — umabot siya sa Top 8 at kinilala bilang isa sa apat na runners-up sa coronation night noong Nobyembre 5 sa Okada Manila, Parañaque City.

Isang 26 taong gulang na host at government consultant mula sa Bacoor, Cavite, si Joy ay kumawala sa nakasanayang imahen ng isang beauty queen. Sa halip, mas tumingkad ang kaniyang presensya sa entablado dahil sa panlipunan at pampulitka. Bago pa man sumabak sa Q&A round, nanawagan ng panalangin si Joy sa mga nasalanta ng bagyo-sa Cebu, patunay na siya ay isang tunay na tagapagsulong ng adbokasiya, boses ng masa, at hindi natitinag sa harap ng anumang inhustisya.

Nagtrabaho siya kasama ang mga tech company sa Pilipinas kung saan tumulong siyang bumuo ng isang critical communications app na nagbibigay babala sa mga tao habang may sakuna. Parte din siya ng isang marketing team na lumikha ng isang mobile command and control vehicle (MoCCoV) na kinikilala ng EOSC's Handa Pilipinas, isang makabuluhang hakbang para sa disaster response sa bansa.

Maging sa kaniyang mga social media account, pinapadaling maintidihan ni Joy ang kaniyang adbokasiya sa pamamagitan ng kaniyang proyekto na "#SustainabilityIn60Seconds" kung saan ipinapaliwanag niya ang Sustainable Development Goals. Hinihikayat niya ang kaniyang mga manonood na magnilay na nagsisilbing espasyo upang ang mga tao ay makinig, makaintindi, at unti-unting isipin muli ang paraan ng kanilang pamumuhay — dahil para kay Joy, nagsisimula ang pag-unlad sa kamalayan.



## Ang Lumutang Sa Alapaap

Si Ma. Ahtisa Manalo ang naging pambato ng Pilipinas sa pinakaaabangang patimpalak ng kagandahan — ang Miss Universe, sa ika-74 edisyon nito noong Nobyembre 21 sa Impact Challenger Hall sa Bangkok, Thailand. Katunggali ang 120 pang mga delegado, waging nakamit ni Ahtisa ang third runner-up.oryo. Isang makasaysayang panalo ang natunghayan ng lahat dahil ito ay hindi lamang "back-to-back win" para sa Pilipinas kundi kauna-unahan ring pangyayari sa kasaysayan ng Miss Grand International.

Ang adbokasiya ng 28 taong gulang na dilag mula Quezon Province ay edukasyon at pamumuno ng kabataan na bumabalik sa kaniyang mga karanasan bilang lider-estudyante at ang kaniyang matagal nang pagsinta sa pag-angat sa mga komunidad na kulang sa serbisyo.

Ayon kay Ahtisa, nais niyang maging pag-asa ng mga tao. Inalala niya sa kaniyang naging sagot ang napakahirap na pinagmulan na siyang dahilan - ng pagsali sa mga pageant noong sampung taong gulang pa lamang siya upang makapag-aral at maiahon ang pamilya sa kahirapan.

Dagdag pa rito, nagtrabaho siya kasama ang organisasyon na Alon Akademie kung saan nakikipag-ugnayan sila sa mga kabataan upang bigyan ang mga ito ng mga oportunidad upang ipaunawa sa kanila na hindi mahalaga kung anuman ang kalagayan ng kanilang buhay, hindi nito natutukoy ang kanilang patutunguhan. Nais niyang ipagpatuloy ang misyong ito upang matiyak na ang mga tao mula sa mababang kitang pinanggalingan ay mabibigyan ng parehong mga oportunidad gaya ng iba.

## Ang Pusong Dalisay Ng Mga Pinay

Sa maraming taon, ang mga beauty queen ay nakikita bilang mga simbolo ng pagiging perpekto: laging nakangiti, laging mahinhin, at laging magalang. Ngunit sa makabagong panahon, sila ay dapat maging maingay, matapang, at walang kinatatakutan.

Sa pananaw ng masa, ang mga beauty queen ay kumakatawan lamang sa isang brand. Ngunit higit sa rikit, dapat silang maging boses ng mga ginigipit. Dahil ang tunay na kagandahan ay pagtindig sa harapan — paglaban para sa kalikasan, paglaban para sa katarungan, at-paglaban para sa bawat mamamayan.

Mula sa mga abo sa iba't ibang panig ng mundo — katiwalian sa Pilipinas dahil sa gobyerno, libo-libong patay sa Gaza dahil sa digmaan at gulo na parehong maituturing na pagkatalo, ang pagkapanalo ng bawat lahi ng tao ang representasyon sa isang malaking entablado.

Bilang nakatapak tayong lahat sa iisang lupa, sikapin nating maging kapantay ng ating kapwa. Walang hangaring makalamang sa mga ordinaryong taong walang muwang. Dahil kay ganda ng mundo kung may malasakit lamang ang bawat tao. Ang kalawakan ay karapat-dapat para sa lahat, bawat isa ay dapat makatamasa ng buhay na kay sarap na tila nakalutang sa alapdap.

Ang pagtindig nina Emma, Joy, at Ahtisa ay inspirasyon na karapat-dapat tularan ng bawat henerasyon na patuloy na manindigan sa katarungan, humingi ng pananagutan sa mga nakaupo sa kapangyarihan, at mamuhay nang may pag-iibigan upang lumikha ng engrandeng pamanapara sa kabataan tungo sa kanilang magandang kinabukasan.

12lathalain
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

# WICKEDNESS for change

## ELPHABA'S TRUTH

Ni Manuel Rivas

**Gaya ni Elphaba, kaya mo bang ipaglaban ang katotohanan kahit ikaw pa ang maging "kontrabida" sa mata ng karamihan?**

Sa likod ng berdeng balat ng tinaguriang Wicked Witch of the West ay umiiral ang kwento ng paninindigan ng isang babaeng humarap sa abusadong kapangyarihan, lumaban sa kawalan ng katarungan, at tumutol sa bulag na pagsunod sa mga batas na mali mula sa simula. Sa Land of Oz — kung saan karaniwang mas pinaniwalaan ang kasinungalingan kaysa katotohanan — madalas, ang tunay na mabuti ang siyang kinatatakutan.

### OFF TO SEE THE TRUTH

Sa umpisa pa lang ng Wicked: For Good hanggang sa karurukrukan nito, makikita ang makapigil-hininga, nakalulula at nakatitindig-balahibong cinematography, visual effects, transitions, at artistic design na humahatak sa diwa ng mga manonood.

Anumang eksenang pinakita ay nangungusap sa bawat manonood. Ang pelikulang ito ay nabuo sa direksyon ni Jon M. Chu, sa piyesa nina Winnie Holzman at Dana Fox, at sa komposisyon ng kilalang lyricist-composer na si Stephen Schwarts.

sa mga linya tulad ng "Because I knew you, I have been changed for good" at "The best way to bring people together is to give them a real good enemy", na binigyang-buhay nina Cynthia Erivo bilang Elphaba at Ariana Grande bilang Glinda - mga pangunahing karakter ng pelikula.

Sa bawat kanta at dayalogo, dinadala ng mga karakter ang mga manonood sa isang damdaming nakamumulat at nakakaantig.

### WHAT DOES IT 'MEAN TO BE 'WICKED'?

Sa isang panayam sa Fandango YouTube channel, ibinahagi ni Chu ang kanyang panaginip-

movie one was only one half of a bigger story that we're ready to tell," paglalahad niya.

Ipinapakita nito na ang pelikula ay hindi lang simpleng musical film; isa itong mas malawak na pagtingin sa magkakaibang perspektibo ng bawat karakter.

Binibigyan nito ang mga naratibong matagal nang nakasilid sa pagitan ng tama at mali, at ipinapakita ang mga puwang ng lipunang-

tumatanggap at nagiging bulag sa kasinungalingan dahil sa walang humpay na ambisyon habang isinasantabi ang katotohanan.

Samantala, ibinabahagi naman ng aktres na si Erivo sa parehong panayam kung gaano kabigat ang emosyon sa pagganap niya bilang Elphaba.

Sa pag-usad pa ng pelikula, ang bawat awitin nito ay humuhugot ng emosyon, lalo na sa paglabas ng pelikula.

"We know that the worlds about to experience... I can't wait for them to see this and realize that-

"By the time we shot that piece, we really understood who these women were [Elphaba and Glinda]—what their relationship was, what it could be, what they had to leave behind, and what they were holding on to. To shoot it was really, really emotional," ani ng aktres.

Dahil dito, nagiging mas malinaw na ang karakter ni Elphaba ay hindi lang kathang-isip na "bruha," kundi simbolo ng patuloy na paninindigan ng mga taong itinuturing na naiiba, kakaiba, o hindi pasok sa pamantayan ng nakararami. Ang kanyang kuwento ay nagbibigay-daan upang mas maunawaan ang lalim ng bawat karakter at ang kahalagahan ng kanilang pinanghahawakang katotohanan.

### REWRITING WHAT 'GOOD' MEANS

Ayon sa manonood na si Vaugh Jireh Abo, bagamat unang beses niyang panonood, hindi matatawaran ang visual execution ng pelikula.

"Nakakamangha yung visuals — dapat lang kasi gumastos sila ng halos ₱9 billion para diyan. Hindi ka mabobored," aniya.

Dagdag pa niya, naiintindihan niya ngayon kung bakit naging popular ang pelikula—bahagi ito ng nostalgia-driven trend sa Hollywood at nananatiling epektibo dahil sa moral ambiguity nito.

"Grounded ang portrayal ng good vs. wicked. Maraming grey areas," pagbabahagi ni Abo.

Partikular ding tumatak sa kanya ang linyang, "They need someone to be wicked, so that you can be good." Para kay Abo, masasalamin dito ang paraan ng lipunan na markahan ng itim o puti ang mga isyu, kahit mas komplikado naman ang katotohanan na bumabalot sa mga ito.

Nakita rin niya ang karakter ng press secretary bilang simbolo ng kapangyarihang manipulahin ang naratibo, at tila ang mga nasa posisyon ang madalas nagdidikta kung aling detalye ang mananatili.

Kung ating palalalimin, ang Wicked: For Good ay isang paalala na sa mundo kung saan madaling magtago sa likod ng mali at mapanlinlang na naratibo, may mga taong patuloy na naninindigan. At minsan, tulad ni Elphaba, ang pagiging "wicked" sa paningin ng iba ay ang tanging paraan para manatiling totoo para sa kapakanan ng karamihan.

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

kultura13

# Pinoy Playlist Therapy:

## One Track at a Time

*Ni Wendell Aure*

**Sa panahon ng digital heartbreak, hindi na lang basta naglalaho ang mga luha sa unan — naiiwan na sila sa playlist, naka-loop, naka-shuffle, at minsan naka-download pa for offline crying.**

Sa Pilipinas, kung saan likas ang pagiging emosyonal, expressive, at mapagmahal, ang Spotify ay hindi na lamang music app — ito na ang diary ng modern brokenhearted. Ayon sa Spotify's 2024 Culture & Trends Report, higit 60% ng Gen Z listeners ang umaamin na playlists ang ginagamit nila upang "i-proseso ang kanilang mga emosyon."

Ayon rin ang pananaliksik ni Reyes (2022), na tumutukoy sa ugnayan ng musika at emosyon sa kulturang Pilipino, natuklasan na ang musika ay nagsisilbing paraan ng emosyonal na pagpapahayag at coping mechanism para sa mga Pilipino, lalo na sa panahon ng stress, heartbreak, o personal na pagsubok.

At sa bansang sanay magmahal nang malalim at masaktan nang tahimik (pero malakas kumanta), natural lang na maging hugot timeline ang playlists ng bawat Pilipino.

Isa sa mga karakter sa mundong ito ng curated emotions ay si JC Zabala, isang estudyante sa BAJOURN 4-4 na nagsimulang gumawa ng playlist para mag-review — pero nauwi sa paglikha ng isang emotional sanctuary na hindi niya inaasahan.

14kultura

The Official Publication of Journalism Guild

VOLUME VI ISSUE II

## TRACK 1: Hindi Ako Broken, Pero ‘Di Ko Rin Sigurado

Nang tanungin si JC kung gumagawa ba siya ng breakup playlist, natatawa siyang umamin.

“Oo, gumawa ako dati — pero hindi dahil broken ako. Para sana pang-review sa midterms.”

Pero ang nangyari? Ang dapat sanang pang-review na playlist ay napuno ng malambing, mabagal, at masyadong emosyonal na kanta — classic Pinoy move, pang-teleserye.

Sabi nga ng Ben&Ben, “Music becomes the home when your heart feels too loud.” At kahit hindi heartbreak ang dahilan ni JC, kumakatok pa rin ang musika sa emosyon na hindi niya pinapansin.

## TRACK 2: Love Lesson No. 1 — Ang Yakap na Hindi Mo Alam na Kailangan Mo

Ang unang kantang nai-save niya: “Love Lesson No. 1” by Skyline.

“Ang soft ng tunog — para kang niyayakap,” aniya.

Hindi malungkot, pero comforting. Hindi madrama, pero may lambing. Hindi heartbreak song, pero may lambot na parang sinasalo ka.

Ayon sa Stanford University research, “soft, mellow music reduces stress and mimics the feeling of a warm embrace.” Eksaktong naramdaman ni JC — yakap na gawa sa tumatagos na himig .

## TRACK 2: Playlist Ko, Diary Ko

Pero bakit nga ba playlist ang nagiging modern diary? Madaling sagot ni JC: “Ito na rin yung way natin para i-express ‘yung nararamdaman natin.”

Sa mundo ng social media oversharing, kung saan lahat may opinyon, playlist ang nagiging safe space ng karamihan: tahimik pero totoo, pribado pero puno ng laman. Walang panghuhusga. Walang pangaral. Walang boses na nagsasabing “move on ka na.”

Sabi nga ni Moira Dela Torre, “Music remembers everything you tried to forget.” At sa Spotify, bawat alaala ay may sariling track number.

## TRACK 4: Emotional Timeline — Pero Personalized

Ang typical Pinoy breakup playlists ay may phases of grief:

Duda → Sakit → Galit → Acceptance → Healing

Pero sabi ni JC: “Mood ko lang nagbabago depende sa kanta. Yung duda at healing, hindi ko pa talaga ginawang playlist basis.”

Walang structure. Walang malinaw na anyo. Pero kahit hindi planado, nagiging soundtrack ng emosyon ang bawat track.

“Ang musika ay hindi lang salamin ng damdamin — maayos nito ang puso at isip natin kahit hindi natin sinasadya,” dagdag pa niya.

## TRACK 5: Bakit Mahilig sa Hugot ang Pinoy?

Ayon kay JC, simple pero totoo: “Maraming walang masabihan o masigawan. Kaya pag nasa chorus na, sigaw mo na ang puso mo. Ang gaan sa loob.”

Sang-ayon ang sikolohiya dito. Ipinapakita ng isang pag-aaral noong 2023 na ang masidhing pag-awit ay nakakatanggal ng tensyon at emosyonal na pressure (Garcia & Santos, 2023). Kaya pala kapag may pinagdadaanan, unang lumalabas ang: “Alexa, play Maalala Mo Sana.”

Sa kultura nating mahilig magkimkim pero ipahayag sa musika ang nararamdaman, nagiging tagasalo ng lahat ng bigat ang mga playlist.

## TRACK 6: Healing Through Dumbbells (Not Dramatic Playlists)

Kwento pa ni JC, noong totoong nag-break sila ng ex niya, hindi siya nagpaka-martyr sa kwarto habang umiiyak sa “All Too Well.” Sa halip:

“Nagpatugtog ako ng gym at productive music. Pag nakaka-gym ako, I almost totally forget about my breakup,” pagbabahagi niya.

Para kay JC, ganito ang tunog ng paghilom mas parang kalansing ng mga pabigat kaysa paanas ha awiting pang-heartbreak.

Pisikal na galaw + musika = siyentipikong napatunayang emotional reset.

At mukhang effective — nagawa ng treadmill ang hindi kinaya ng malulungkot na kanta.

## TRACK 7: Spotify Wrapped — The Silent, Shady Judge

Sa panahon ng Spotify Wrapped, maraming Pinoy ang nabubuking ng sarili nilang drama. Pero si JC? Hindi natamaan.

“Hindi pa ako na-call out. Random kasi — minsang Swiftie, minsang Laufey, minsan gym music, tas mga senti.”

“Sabog ang playlist, sabog ang damdamin, pero unti-unti namumulaklak ang paghilom. Gen Z sa isang linya.”

## TRACK 8: Ang Pinaka-Hugot na Playlist Title... Na Hindi Sinasadya

Hindi siya gumagawa ng playlist titles na parang spoken word poetry gaya ng “Mga Alaala Mong Iniwan Mo sa Aking Gabi.”

Pero may isa siyang iconic:

“Playlist Pag Magrereview sa Exam” pero puno ng malulungkot na kanta. Kung may course na “Hugot Studies 101,” pasado siya — with honors pa.

## TRACK 9: Healing vs. Hurting — Sino Ang Panalo?

Marami ang nagsasabi na ang breakup playlists ay mas nakakasakit kaysa nakaka-heal. Pero sabi ni JC:

“Sa una, masakit... lalo pag ninamnam mo yung lyrics. Pero eventually, tatawanan mo na lang. Magvi-vibe ka na lang.”

At iyon ang ganda ng playlist therapy: heartbreak nagiging himig, ang sakit unti-unting naglalaho tulad ng tahimik na fade-out, at ang healing, continuous, one track at a time.

Ayon rin ang survey study ni Santos (2021) tungkol sa epekto ng musikang emosyonal sa emosyonal na kalusugan. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pakikinig sa musika, kahit sa malulungkot na kanta, ay nakakatulong sa regulasyon ng damdamin at unti-unting nagpapababa ng stress sa loob ng ilang linggo. Sa madaling sabi, ang healing journey ni JC ay hindi lamang buhat ng kaniyang personal na ritwal — ito ay dahil na rin sa likas na kapangyarihan ng musika na magpagaling, bagay na sinang-ayunan ng siyensiya.

## TRACK 10: A Message to His Past Self

Kung makakausap niya ang nakaraang sarili, sasabihin niya: ‘I-keep mo ‘yang playlist — darating ang panahon na ang bawat kanta, makakasabay sa puso mo.’”

“Magdadagdag pa ako ng bagong kanta. Magma-match yung senti playlist dati sa yearning playlist ko ngayon.”

Mula “pang-review sa midterms” playlist, ngayon ay naging emotional maturity playlist na. Growth. Healing. Character development na may soundtrack.

## In the End, Music Heals in Shuffle Mode


Ang Spotify breakup playlists ay higit pa sa koleksyon ng mga kanta. Ito ay mga emosyon na nakatala sa tunog, diary sa anyo ng playlist, kahon ng mga alaala at kwento, mistulang therapist sa anyo ng kanta.

At sa bansang marunong magmahal- nang sobra, mag-move on nang masakit, pero bumangon nang may konting tugtog — walang tatalo sa playlist therapy.

Sa Pilipinas, nagsisimula ang paghilom sa isang kanta. Minsan inuulit, minsan sina-shuffle, pero laging may - kwento. Hindi ito basta trend — ito ay kultural na tradisyon. Musika ang gumagaling sa atin, kahit anong platform: karaoke, OST ng teleserye, o Spotify playlist. Tunay nga, bahagi ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino ang musika.

# Lumuluha't lumalaho

Antipara



Husto nang humusto
ang aking pasensya.
Patawad.

Sapagkat
sinisidhi ng aking puso
ang matinding sanhi
ng pagkapaso.

Natatalo
sa'yong dapugang
daungan ang impyerno.

***Lumuluha, lumalaho***

Dumadaloy
sa aking ugat
ang hapdi ng iniwan mong
sugat.

***Sumusugal, gumagalos***

Sa bawat pagpapalo,
humahataw sa upos
ng mapaniil na alaala—

alalahanin mo ang aking
pagkalaho.

***Tumatahol, humahatol***

Ang ingay na tumataghoy
umuugong sa tengang,
matinis na umaalon:

***Gumugulo, lumalago***

Patawad.
Husto nang humusto
ang aking trahedya.

16literari
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II



Photo Courtesy: The JTI Foundation

# Kagul-anan

*rei*

Sa kalsada, may libingan na hindi na inihahanda,
mga hukay na pinalalim ng mga papeles at lagda.
Pinatuyo ang dugo ng mahihirap sa salamin ng proyekto,
habang nagbibilang ng porsiyento ang mga nag-aangkin ng ginto.

Kasakiman ang pumipitas sa umaga,
mga opisyal na kumakalam sa lalamunan ng madla,
kumakagat sa laman ng lungsod hanggang ang laman ay maging walang bigat,
sinisikmura at sinasala ang pangarap, inihahain sa mesa nila bilang almusal.

May mga ilog na nagiging dugo kapag bumuhos ang ulan,
mga tulay na nagiging kabaong kapag ang mga kontrata ay sinimulan nang lagdaan.
Pinapagulong ang tao sa putik ng mga papeles,
hinihigop ang huling hangin ng loob nila at pinapaingay ang radar ng yaman.

Dito, mas literal ang pagpatayan
pinipiga ang hininga sa bayarin, sinusukbit ang tahana,
hinihataw ng gutom hanggang maghabla ang laman.
Sinusunog ang pag-asa sa ilalim ng ilaw ng opisina.

Araw-araw kang nilulunod ng sistema,
hindi may bala pero may batas na pumapatay;
hindi may lubid pero may utang na nagpapakampay;
wala kang ampunan sa opisina na may hawak ng selyo at kuwintas.

At kapag sumigaw ka, sasabihin nilang ingay lang,
hindi protesta, kundi tunog ng kalabuan na kailangang takpan.
At kung tumanggi kang mamatay sa pamamagitan ng pagtalikod,
pipiliin ka nilang patayin nang dahan-dahan: pagkakaitan, pagbaha, pagkalimot.

**Maaaring pagpanaw ang paglaya rito sa bansa,**
**Pero kapag sinubukan mong mabuhay, araw-araw ka namang pinapatay.**


*Piyesa mula sa The Guild Bulletin Reader's Submission*

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II
isports17

# I-SPOT DA LAYT:

## INGAY NI EMAN BACOSA SA SOCIAL MEDIA

***Ni James Elmer Pacala***



Kabi-kabilang mga komento, suhestiyon, opinion, at reaksyon, ang nagsusulputan ngayon sa social media, sa wari'y mabilisang katanyagan ni Emman Bacosa Pacquiao --- 'anak sa labas' ni eight-division world champion Manny "Pacman" Pacquiao.

Marami ang natutuwa sa mabilisang pagsikat ng 21-anyos na si Eman Bacosa, mula sa kanyang maagang pagsabak sa mundo ng boksing hanggang sa pagpasok niya sa showbiz — mga landas na tinahak din mismo ng kanyang ama, gayundin, may ilan naman na hindi sang-ayon o may agam-agam sa kasalukuyang katayuan niya.

### ANO ANG DAHILAN?

Noong Oktubre 29, 2025, ginanap ang ika-50 na anibersaryo ng bantog na 'Thrilla in Manila,' ang laban nina Muhammad Ali at Joe Frazier na unang naganap noong Oktubre 1, 1975 sa Araneta Coliseum, Quezon City, kung saan ay maraming boxing fans ang naghintay at nag-abang sa intinuturing na "once in a lifetime event" sa larangan ng pampalakasan at boksing--- bagay na isinakatuparan ng boxing legend Manny Pacquiao.

Katuwang ang pamahalaan, nanguna si Pacquiao sa pag-organisa sa naturang event para tuparin ang ninanais ng mga fans.

Kasama sa mga ito ay ang laban ng kanyang anak na si Eman na nasa ika-walong pagsabak na sa boxing ring, bit-bit ang kartadang anim na panalo, isang tabla, at wala pang talo kaya't gayun na lamang ang tingin ng karamihan sa boxing world, kung saan ay may tiyansang sundan ng 21 anyos na binatilyo ang karera ng kanyang ama.

Papuri at standing ovation ang natanggap ni Eman mula sa kanyang ama matapos niyang manalo via unanimous decision dahilan ito sa pagsulpot ng maraming komento online sa kung ano ang reaksyon ng pamilya Pacquiao, lalo sa may bahay na si Jinkee. Nagsimulang umusbong ang mga katanungan sa kung ano ang masasabi ng naturang pamilya hinggil sa pag suporta ni Manny sa kanyang anak.

### GATAS NA GATAS?

Nagsi-labasan ang iba't ibang programa at show na nagnanais kunin si Eman bilang guest—isang taktika sa media industry na layong humakot ng mataas na views at engagement habang umiinit ang pangalan ng binata sa publiko kaya't di na nakapagtataka na naimbitahan siya ng mga palabas tulad ng KMJS, Fast Talk with Boy Abunda, at maging Family Feud, bilang bahagi umano ng pagsandal ng industriya sa popularidad na mabilis umusbong.

Taong 2022 nang mapabalitang kinilala ng Pambansang Kamao ang kanyang anak at ipinaayos ang apelyido nito bilang Pacquiao kaya nama'y marami ang nagtaasan ng kilay sa desisyong ito lalo na't para sa ilan ay tila pinili ng dating - kampeon na yakapin muli ang ugnayan at tuluyang tali-kuran ang mga sugat ng nakaraan na pinagdaanan ng pamilya ni Eman at ng kanyang ina.

Gayunpaman, sa kabila ng patuloyna pagpuna sa biglaang pag-angat ng estado ni Eman, hindi mapipigil ang mabilis niyang pag-usbong, hindi lamang sa loob ng ring, kundi pati na rin sa mundo ng entertainment kung saan ang kanyang pangalan ay nagsisilbing bagong sentro ng atensyon.

At habang lalong lumalawak ang pagbanggit sa pangalang Eman Bacosa Pacquiao, nagsulputan din ang mga personalidad at influencer na inuugnay sa kanya ng publiko, kabilang sina Denise Julia, Andrea Brillantes, at Jillian Ward—mga pangalang ikinakabit hindi dahil sa kumpirmadong relasyon kundi dahil sa hatak ng kanyang kasikatan, patunay kung paano sinusubukan ng industriya at social media na sumakay sa momentum ng binata

Sa dulo, malinaw na habang patuloy na tinatangkilik at sinusundan ng publiko ang bawat galaw ng bagong Pacquiao sa eksena, patuloy ding umiikot ang media at showbiz sa natural nitong gawi: ang gawing sentro ng atensyon ang sinumang nagliliyab ang pangalan—at sa ngayon, walang dudang si Eman iyon.

### SASAD-SAD BA O MAGPAPATULOY?

Hindi na bago para sa mga Pilipino ang makita kung paano pinakikinabangan ng iba ang simpatya, atensyon, o kahit anong ingay na nakukuha mula sa mga isyu at kasikatan, mapa-online man o sa tunay na buhay sapagkat lumaki tayo sa kulturang mabilis kumapit sa usong naratibo at sa bansang matagal nang sanay sa komersiyalisasyon ng kahit maliit na piraso ng impormasyon o personalidad ay hindi na rin nakapagtataka kung bakit ang anumang sumisikat ay agad na nagiging puhunan, content, at ikinabubuhay ng marami.

Sa pag-usbong ng pangalan ni Eman Bacosa Pacquiao at sa biglaang paglobo ng kanyang-kasikatan lalo na matapos pumasok sa showbiz, mas lalong lumutang kung paanong ang mga programang nabanggit ay mabilis nagbukas ng pintuan upang masakyan ang pagtakbo ng kanyang pangalan habang ilang personalidad naman tulad nina Denise Julia at iba pang artista sa social media ay agad na nauugnay sa kanya na para bang ang bawat koneksyon, tsismis, o collaboration ay isa ring paraan upang makakuha ng atensyon mula sa kanyang tumataas na visibility.

At sa patuloy na pag-angat ni Eman, makikita natin ang isang larawan ng modernong entertainment at sports landscape kung saan ang pagiging trending ay nagiging kasinghalaga na rin ng talento, at ang tanong; magtutuloy-tuloy ba ang kanyang pagbulusok o isa lamang itong panandaliang alon na lilipas kapag tumamlay ang ingay ay patuloy na maglalaro sa isip ng publiko.

# STRASUC OLYMPICS 2025 IKINASA SA MARSU

***ni Charles Errol D. Baldoz***



**Makulay na binuksan ng Marinduque State University (MarSU) ang ika-28 na Southern Tagalog Regional Association of State Universities and Colleges (STRASUC) Olympics 2025 noong ika-24 ng Nobyembre na mayroong temang "Isang Puso, Isang Kalaro: Kabataang Atleta ng STRASUC sa Puso ng Pilipinas, Nagkakaisa para sa Bayan at Tagumpay".**

Kabilang ang mga manlalaro mula sa iba't ibang state universities sa Timog Luzon sa nagpakitang gilas sa iba't ibang sports; mula sa bakbakan sa pag-shoot ng bola sa basketball,hanggang sa tagisan ng isipan sa chess.

Bago pa man opisyal na simulan ang STRASUC Olympics 2025, nauna nang ganapin ang ika-9 na STRASUC Culture and Arts Festival sa Romblon State University, kung saan nagpakitang gilas naman ang mga kandidato mula sa iba't ibang unibersidad para sa patimpalak sa musika, pagsasayaw, teatro, visual arts, at iba pang mga kategorya. Itinanghal ang Batangas State University (BatSU) na overall champion ng Culture and Arts Festival nitong Oktubre 18, 2025.

Nito namang ika-28 ng Nobyembre ay itinaas na isa-isa ang watawat ng bawat unibersidad na kasapi sa MarSU Gymnasium upang opisyal na isara ang STRASUC Olympics 2025.

Nanguna ang Palawan State University bilang overall champion na sinundan naman ng Occidental Mindoro State College, Laguna State Polytechnic University, at Western Philippines University bilang 1st, 2nd, at 3rd runner up.

Nagpasalamat naman ang buong Marinduque State University bilang host ng STRASUC Olympics 2025 bago tuluyang isara ang event.

**OVERALL CHAMPION**
**Palawan State University**

**2ND RUNNER UP**
**Laguna State Polytechnic University**

**1ST RUNNER UP**
**Occidental Mindoro State College**

**3RD RUNNER UP**
**Western Philippines University**

18isports
The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

# SPORTS WRAP 2025

*Ni Charylle Alexie Gonzales at Kaye Anne Sebuc*

**Mula sa makasaysayang tagumpay hanggang sa mga emosyonal na pagkapanalo, muling pinatunayan ng mga atletang Pilipino ang kanilang husay at determinasyon sa iba't ibang larangan ng sports ngayong taon. Isang taon ng laban, tagumpay, at kasaysayan, naito ang naging marka ng mga atletang Pilipino sa sports scene ngayong 2025.**

## ALEX EALA: UNANG PINAY SA EASTBOURNE OPEN FINALS




Gumawa ng isang kasaysayan si Alex Eala matapos maging unang Pilipinong nakapasok sa finals ng Lexus Eastbourne Open sa England, Hunyo 29.

Sa finals, hinarap ni Eala ang Australian player na si Maya Joint. Naging dikit ang kanilang laban sa unang set na nagtapos na pabor sa kabilang panig. Sa kabila ng pagkatalo, nagtapos pa rin si Eala bilang runner-up, isang malaking tagumpay para sa Philippine Tennis.

Bunga ng kaniyang mahusay na kampanya, umangat ang world ranking ni Eala mula No. 74 patungong No. 56. Bagama't hindi niya nasungkit ang ninanais na titulo, itinuturing ang kanyang pagtatapos sa finals bilang isang makasaysayang hakbang para sa manlalaro ng tennis sa Pilipinas.

## GILAS PILIPINAS WOMEN: HAKBANG PATUNGONG WORLD CUP




Pasok na sa 2026 FIBA Women's World Cup Qualifiers ang Gilas Pilipinas Women matapos ang kanilang panalo laban sa Lebanon nitong 2025 FIBA Women's Asia Cup na ginanap sa Shenzhen, China, Hulyo 16.

Nagtapos ang laban sa iskor na 73–70, kung saan nagpakita ng matinding determinasyon ang Gilas mula umpisa hanggang dulo. Itinanghal na player of the game si Jack Animam matapos magtala ng 14 points, 16 rebounds, at 5 assists.

Patuloy ang kanilang puspusang pag-eensayo bilang paghahanda sa mas mabibigat na laban patungo sa World Cup qualifiers.

## PREMIER VOLLEYBALL LEAGUE: UNANG KORONA NG PLDT




Nasungkita naman ng PLDT High Speed Hitters ang kanilang kauna-unahang PVL championship matapos talunin ang Cherry Tiggo Crossovers sa Premier Volleyball League na ginanap sa SM Mall of Asia Arena, Pasay City, Agosto 17.

Nagpakita ng matinding bakbakan ang dalawang koponan simula pa lamang ng unang set, na nauwi sa isang limang set na laban. Sa huling set, nanaig ang husay ng PLDT dahilan upang kanilang masungkit ang kampeonato.

Itinuturing ang pagkapanalong ito na makasaysayan hindi lamang para sa PLDT High Speed Hitters kundi pati na rin sa patuloy na pag-unlad ng Philippine Volleyball.

## PHILIPPINE GYMNAST: DUGONG PANALO



Nakamit ng Philippine Women's National Football Team (Filipinas) ang kauna-unahang gold medal ng Pilipinas sa SEA Games football matapos talunin ang Vietnam sa finals noong Disyembre 17, 2025 sa Chonburi Stadium, Thailand.

Nagtapos ang laban sa 0–0 matapos ang regulation at extra time, dahilan upang mauwi ito sa penalty shootout. Sa huli, nanaig ang Filipinas sa iskor na 6–5, kung saan naging susi ang matatag na depensa at ang crucial saves ng goalkeeper na si Olivia McDaniel.

Ang kanilang pagwawaging ito ay hindi lamang nagbigay ng gintong medalya sa bansa kundi nagsilbi ring makasaysayang tagumpay bilang unang SEA Games football gold ng Pilipinas, babae man o lalaki.

## SEA GAMES WOMEN'S FOOTBALL: MAKAYSAYANG GINTO NG FILIPINAS



Nakamit ng Philippine Women's National Football Team (Filipinas) ang kauna-unahang gold medal ng Pilipinas sa SEA Games football matapos talunin ang Vietnam sa finals noong Disyembre 17, 2025 sa Chonburi Stadium, Thailand.

Nagtapos ang laban sa 0–0 matapos ang regulation at extra time, dahilan upang mauwi ito sa penalty shootout. Sa huli, nanaig ang Filipinas sa iskor na 6–5, kung saan naging susi ang matatag na depensa at ang crucial saves ng goalkeeper na si Olivia McDaniel.

Ang kanilang pagwawaging ito ay hindi lamang nagbigay ng gintong medalya sa bansa kundi nagsilbi ring makasaysayang tagumpay bilang unang SEA Games football gold ng Pilipinas, babae man o lalaki.

The Official Publication of Journalism Guild
VOLUME VI ISSUE II

isports19

# RITMONG MULA KALIWA:

## ANG SINING SA LIKOD NG LARO NI ALEX EALA BILANG MANLALARONG KALIWETE

***Ni Kaye Anne Sebuc***

Sa bawat hakbang ni Alex Eala sa tennis court, may dala siyang presensya na agad nakakapukaw ng pansin sa mga manonood hindi dahil sa lakas ng kanyang palo o sa taas ng kanyang talon, kundi sa kakaibang direksyong tinatahak ng bola sa tuwing sasayad ito sa kanyang raketa. Sa mundo ng tennis na pinamumunuan ng mga right-handed players, si Alex ay parang alon na lumilihis sa agos, nagdadala ng ritmo na hindi madaling hulaan. Sa bawat palo, parang may sariling isip ang bola na umiikot, kumakabig, pumipihit na tila ba tumutugtog na musika na siya lamang ang nakakaintindi.

Ipinanganak at lumaki sa Quezon City noong Mayo 23, 2005, si Alexandra Maniego Eala ay nag umpisang makahiligan ang larong tennis noong apat na taong gulang pa lamang siya. Bata pa lamang ay sumasali na siya na sa mga palaro at magmula noon, mabilis na umangat ang kanyang junior ranks, kabilang na rito ang pagiging unang Pilipinong nanalo sa isang junior Grand Slam singles title sa 2022 US open girls singles. Dito na rin nagsimula ang kanyang professional career sa mundo ng professional tennis sa murang edad. Kasalukuyan siyang ika-52 sa Women's Tennis Association, isang bagong tala na nagbigay sa kanya ng titulong bilang pinakamataas na ranggong Pilipino sa kasaysayan at kinikilala ng buong mundo hindi lamang dahil sa kanyang husay kundi pati na rin sa natatangi niyang istilo ng laro.

Sa bawat rally, makikita ang kahalagahan ng pagiging left-handed ni Eala sa kanyang pay style. Ang mga palo gamit ang kaliwang kamay ay nagreresulta ng iba't ibang anggulo ng spin at placement na hindi karaniwang nasasanay ng mga right-handed players. Ang kanyang mabigat na topspin forehand ay madaling napupunta sa bachand ng kalaban sa cross-court exchanges, isang galaw na kadalasan ay mas mahina at delikadong depensahan. Ang pagtaas ng bounce at lalim ng bola na madalas na nagdudulot ng pagkagulat at pag-aadjust ng ritmo sa rally na nagbibigay kay Eala ng pagkakataon para kontrolin ang tempo at direksyon ng puntos.

Kapansin-pansin din sa kanyang mga laro ang kakayahan niyang bumuo ng malalalim at matatalim na anggulo mula sa baseline. Ang mga bola niya ay tila lumilipad papalabas ng court sa tamang sandali kaya naman napipilitan ang kalaban na umatras at mag-iba ng posisyon na hindi ganoong kapraktikal sa mga standard left-to-right rallie. At sa ganitong paraan, hindi lamang niya nalilimitahan ang galaw ng kalaban kundi binubuksan ang court sa sarili niyang aggressive approach. Ang kanyang backhand, na gawa sa parehong kahusayan at pinahusay na stability ay nagbigay daan naman sa pag-redirect ng tempo sa gitna ng mahahabang rally.

Sa kanyang breakout run sa 2025 Miami Open na nagdala sa kanya sa semi finals at nagtala ng ilang malalaking panalo laban sa mga top ranked players, ipinakita ni Eala ang kanyang kakayahan hindi lamang bilang isang simpleng manlalaro kundi pati na rin ang lumikha ng tactical intelligence at technical precision sa professional. setting. Sa isang post match conference matapos niyang talunin si Iga Swiatek sa quarter finals, sinabi ni Alexa na, "From the very beginning, I knew that I had the level to stick with her. She's very decorated. She's achieved a lot and is someone I've looked up to for a while," tanda ng kanyang pagkilala sa hamon at pagyakap sa kanyang sariling potensyal sa pinakamalaking antas ng kompetisyong kanyang sinalihan.

Ang pagiging left-handed ni Alexandra Eala ay hindi lamang basta katangian kundi isang integral na bahagi ng . kanyang pagkakakilanlan bilang isang mahusay na manlalaro. Sa kakayahan niyang kontrolin ang baseline, lumikha ng mabibigat na topspin, at gumawa ng anggulong mahirapi-anticipate para sa kalaban, pinalawak niya ang kanyang competitive edge sa bawat set. Hindi lamang simpleng power ang tinataya ni Eala kundi isang sining na humuhubog ng court geometry upang umayon sa kanya ang daloy ng Laro.

Sa kasalukuyan, nsa kasagsagan ng kanyang pinakamasiglang season si Alexa na may career-high ranking at patuloy na lumalahok sa malalaking paligsahan sa larangan ng tennis. Ang kanyang tagumpay ay hindi lamang simbolo ng personal na ambisyonkundi maging ng isang bagong simula para sa tennis sa Pilipinas maging sa rehiyon ng Southeast Asia. Habang patuloy siyang umuunlad at humaharap sa mas malalakas na kalaban, malinaw na ang kaliwang kamay niya na nagbigay daan sa kanyang natatanging istilo na patuloy na magiging pagkakakilanlan sa paglalaro niya, isang elemento ng tennis na patuloy na tinitingala at hinahangaan ng mga taga subaybay sa buong mundo.



**Ipinamalas muli ng National University (NU) Pep Squad ang kanilang talento sa pamamagitan ng komplikadong stunts at aktibong mga galaw sa kanilang ninja-themed na routine na nag pasungkit ng kanilang ika-9 na korona sa Cheerdance Championship (CDC) 2025 na ginanap sa Mall of Asia Arena, ika-29 ng Nobyembre.**

## NU BULLDOGS, NASUNGKIT ANG IKA-9 NA TITULO BILANG KAMPEON NG UAAP CDC 2025

***Ni Wynona Nyshiella Tadulan***

Nanguna ang NU Pep Squad sa leaderboared matapos makapagtala ng 695 puntos na sinundan naman ng Adamson Pep Squad na may 659 puntos. - Nasungkit naman ng FEU Ang 2nd runner-up sa iskor na 658.9 puntos.

Ang panalo ngayong taon ang - nagpatuloy sa matatag na track record ng NU sa cheerdance, lalo't kilala na ang koponan sa kanilang mataas na execution at consistency sa nakaraang seasons. Ayon kay Iris Arendain, NU Pep Squad Captain, ang kanilang tagumpay ay bunga ng ilang buwang masinsinang pag eensayo pati na paghahanda. Pinatunayan aniya ng koponan na ang disiplina at kolektibong pagsisikap ang nagsilbing pondasyon ng kanilang ika siyam na kampyonato.

"Napaka fulfilling po para sa amin yung inaasam asam namin na 9th championship, nakuha na po namin," sambit ni" Iris Arendain, NU Pep Squad Captain sa kanilang pagkasungkit ng ika-9 na korona sa UAAP CDC 2025, sambit pa nya na ang kanilang dedikasyon ng pag eensayo ng ilang buwan ay sa wakas nag bunga na.

"We know the history of NU before and we can't believe that we'd be the coaches to make history for NU. We're very grateful," komento naman ni Coach Gabriel Bajacan para sa back-to-back win at tinaguriang winningest school title na kasabay na nakamit ng NU Pep Squad sa kanilang pagkapanalo.